

# .14:03 – 14:33. -Ni: Correction Fluid-

*Matagal ko na siyang mahal.*

LAGI ko tong sinasabi sa kanya kapag nagkikita kami. Sinasabi ko to sa kanya pag alam kong pinanghihinaan siya ng loob. Sinasabi ko to sa kanya pag alam kong nawawalan na siya ng pagasa.

*At pag alam kong gumuguho na naman ang mundo niya.*

Ewan ko, pero pag sinasabi ko na yan sa kanya, ngingiti lang siya tapos tatahimik na. Magsasalita siya na parang walang nangyari, na parang hindi siya nalulungkot kani – kanina lang. Magku – kwento siya ng kung anong nangyari sa araw niya sa buong maghapon. linisin na niya ulit ako. Tapos, gagawa siya ng paraan para ako naman ang mapatawa niya.

Ganyan lang kaming dalawa.

May mga nagsasabi nga sakin na TANGA raw akong maituturing.

Alam niyo ba kung anong sagot ko sa kanila?!

*Kung SIYA naman ang mamahalin ko, ayos lang kahit isang milyong beses pa kong maging TANGA.*

Masisisi niyo ba ako?!

ITO lang ang alam kong paraan para makasama ko siya. Para malaman niyang kahit ano pang mangyari, lagi lang akong nasa tabi niya.

*Para maiparamdam ko sa kanya kung gaano ko siya kamahal.*

Pero bakit nga ba ako naging tanga?!

Tanga raw ako dahil sa dinami – rami naman ng taong itinitibok ng puso ko, SIYA pa. Nagmamahal ako sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi ako mamahalin. Sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi ako lilingunin. Sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi tutugon sa nararamdaman ko.

*At sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi magiging akin.*

**One.**

\*\*\*

NAGKAKILALA kami nong second year college pa lang ako. Bumili ako ng pagkain sa canteen, tapos naghahanap ako ng mauupuan. Halos puno na kasi lahat ng mesa, at ang hirap naman kung kakain ako ng nakatayo.

Nilingon ko na halos lahat ng sulok nong canteen pero para lang madismaya. Grabe, puno na talaga lahat dahil puro magbabarkada yung naka – okupa sa bawat lugar.

Hanggang sa nakakita ako ng taong nag – iisang nakaupo sa isang bakanteng mesa.

Nilapitan ko siya.

Nong una, nag – alangan ako dahil mukhang malalim yung iniisip niya. Hindi pa nga niya ginagalaw yung pagkain niya e. Nahiya tuloy ako dahil baka maistorbo ko lang siya.

**“Okey lang kung uupo ka. Nakaka – sawa rin naman ang nag – iisa.”**

Napa – “huh?!” ako dahil doon sa sinabi niya. Pero hindi ko na lang isinatinig dahil baka magalit pa siya sakin.

**“S-salamat.”** Sagot ko nalang sa kanya.

Tumango lang siya, tapos dumukdok na siya sa lamesa.

Napailing na lang ako dahil sa inasal niya.

Tahimik lang ako habang kumakain. Hindi pa rin niya ginagalaw yung pagkain niya at ilang minuto na rin ang nakalipas buhat nong dumukdok siya sa mesa.

Naglakas loob na tuloy akong magsalita.

**“H-hindi mo ba gagalawin ‘tong pagkain mo?! Sayang naman to oh?!”** Tanong ko sa kanya.

Ewan ko pero kinakabahan ako. Hindi ko nga maintindihan kung bakit e. Siguro kasi baka magalit siya?! Siguro kasi, baka bigla na lang niya akong sigawan at palayasin don sa mesa?!

Pero napahiya ako ng tuluyan dahil sa sagot niya.

**“Wala na rin namang kwenta kainin ko man yan o hindi. Tsaka, sino ka ba?! Binigyan ba kita ng karapatang panghimasukan ang buhay ko?! Pinaupo lang kita pero hindi ibig sabihin non e may lisensya ka na para kausapin ako.”**

Ang lamig ng titig niya sakin.

Kinabahan ako dahil sa sinabi niya. Hindi pa rin niya inaalis yung tingin niya saakin. Nahihiya tuloy ako na naasiwa.

**“S-sorry. A-ano kasi, baka lang—“**

**--“Iyan ang problema sa mga tao e. Lalo na sa inyong mga babae. Ngitian mo lang pero aakalain nilang patay na patay ka na sa kanila. Pero hindi ko alam na may mas masaklap pa palang kaso. Yung iba naman diyan, pinaupo mo lang pero kung makapanghimasok sa buhay ng may buhay, akala mo naman girlfriend ko.”** Sagot niya habang nakataas pa yung kaliwang kilay niya.

Biglang nag – init yung ulo ko dahil sa sinabi niya. Literal na nag – init dahil alam ko rin na sa mga sandaling yon e namumula na rin ang mukha ko dahil sa halu – halong hiya at galit.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko.

**“Hoy Mr. kung sino ka man, kung makaasta ka naman diyan, parang pag – aari mo ‘tong mesa ah?! At excuse me, tinanong lang kita kung kakainin mo ba yang pagkain mo o hindi, nanghimasok na ko kagad?! Andaming batang nagugutom! Yun ang concern ko! Masyado ka namang feeler diyan!”**

Siguro nong mga oras na yon, umuusok sa galit yung tenga’t ilong ko. Nahiya tuloy ako dahil sa inasal ko sa kanya. Kung tutuusin, hindi ako yun e. Reyna raw ako ng diplomasya. Ako raw ang pinaka – pasensyosa sa grupo, kaya nga sa bawat outreach program na ginagawa namin, ako yung laging project head.

**“O?! E wala rin namang magbabago kainin ko man yan o hindi. Bottomline, gutom pa rin sila. Maisasalba ba ng pagkain ko yung gutom nila?! Hindi diba?! Worse, dahil sa pagkain ko nito, kumita lang ang mga masisibang negosyante na ni minsan, hindi man lang umisip ng feeding program para sa mga batang nagugutom. Tsk. Walang pinagbago.”**

Napaisip ako noon dahil sa sinabi niya.

Sasagot pa sana ko ng napag – isip isip kong tama naman siya e. Kaya kesa tuluyang sumama ang araw ko dahil sa pakikipagsagutan ko sa kanya, minabuti kong tumahimik na lang.

Itinuloy ko na lang yung pagkain ko. Malapit na sana kong matapos ng nagsalita siya.

**“Alam mo, wala namang kaso sakín kung concern ka sa ibang tao e. Pero alam mo ba, maging concern ka man sa kanila, wala pa ring magbabago sa kapalaran nila. Lalo mo lang pinaramdam sa kanila na minalas sila, na hindi sila ganon ka – swerte sa buhay.”**

Napatingin na naman tuloy ako sa kanya.

**“Ang negative mong mag – isip. Sabihin man nating hindi ako nakakatulong sa kanila explicitly, at least nabawasan ko yung bigat ng dinadala nila. Na natutulungan ko sila para kahit papano, maging positibo pa rin sila sa buhay. Na patuloy pa rin silang maniwala at magkaroon ng pagasa sa kabila ng hirap na dinaranas nila.”**

Tumaas na naman yung kaliwang kilay niya. Para siyang nanghahamon.

Tiningnan niya ulit ko. Iyon na namang *tingin* na yun. Yung malamig na tingin na kanina lang e ibinigay niya rin sakín. Wala tuloy akong choice kundi makipagtagisan ng titig sa kanya.

At sa hindi maipaliwanag na dahilan, nilamig ako dahil sa mga titig na yon.

**“Aalis na ko. Salamat na lang sa paglalaan mo ng panahon para makipagtalo sakín.”**

Hindi ko alam ang isasagot ko sa kanya kaya hindi na lang ako kumibo. Ang gara niya talaga. Sino namang matinong tao ang magpapasalamat pa dahil nakipagtalo ka sa kanya? Ang labo.

Nakahinga ako ng maluwa nong tuluyan na siyang mawala sa paningin ko.

Inubos ko na rin ang pagkain ko. Medyo lumalamig na kasi. At sa kaso nito, hindi na to masarap kainin pag tuluyang lumamig.

Naisip ko na naman *siya*.

Ano bang meron at bakit kung makapagsalita siya e para siyang pinagsakluban ng langit at lupa?!

Nagtataka ako kung bakit parang napaka – negatibo ng pananaw niya sa buhay. Kung tutuusin, hindi naman siya mukhang mahirap dahil sa dating niya. Mukha naman siyang malusog at hindi sumasala ng kakainin sa isang araw. Para ngang wala siyang problema kung titingnan mo siya e.

Kaya naman naalarma ako kung bakit ganon na lang siya kung makapagsalita. Nakakalunod. Ang lalim. Mali pala, ang lamig. Parang .. parang .. *walang buhay*.

Hindi ko man maipaliwanag sa ngayon kung bakit, pero ..

Bigla tuloy *siyang* naging *misteryo* para saakin.

Napalunok na lang ako ng maalala ko yung paraan ng pagkakakatingin niya saakin. Sa buong buhay ko, ngayon lang ako natitigan ng ganon.

Ilang minuto na rin ang nakalipas buhat nong umalis siya pero ...

*Bakit parang nilalamig pa rin ako?!*

**Four.**

\*\*\*

BUHAT nong araw na 'yon, hindi na siya naalis sa isipan ko. Ilang beses akong nagbabakasakali na muli siyang makita doon sa canteen, pero wala. Hindi ko na siya ulit nakita.

Siguro sadyang curious lang din talaga akong malaman kung sino siya. Ganon naman talaga diba?!

Kapag interesado ka sa isang tao o bagay, gagawa't – gagawa ka ng paraan para magkita kayo, para magkakilala kayo. At para makapag – usap kayo.

Pero teka, lilinawin ko lang ha. Hindi ako stalker.

Interesado lang talaga ako sa kanya dahil tulad nga ng sinabi ko, hindi ko alam kung bakit, pero .. naging *mystery* na siya sakin.

Sabi nga ng mga kaibigan ko, hibang na raw ako. Hindi sa *kanya*, pero sa ginagawa ko. Nahihiwagaan na nga rin sila dahil sa inaasal ko e. Ako raw yung tipo ng tao na pinaka – huli mong iisiping magkaka – interes sa buhay ng tao. Lalo na kung lalake pa.

Gusto ko lang laging tumulong. Pero hanggang doon lang yun. Ayokong mang – himasok sa buhay ng may buhay hanggat maaari. Kaya nga nag – init ang ulo ko nong mapagbintangan *niya* akong nanghihimasok sa buhay niya e.

Marami silang sinasabi. Nakakapagtaka naman daw kasi talaga kung bakit sa isang iglap e naging interesado ako sa isang lalake. Lahat naman ng assumptions nila ukol sakin, gumugulantang sa pagkatao ko. Lalo na nung sinabi nilang lahat na ..

**“Baka naman, may gusto ka na sa kanya?!”**

Syempre, alam ko naman sa sarili ko ang totoo. Ayoko mang gamitin ang pangalan Niya, pero sa ngayon, alam kong Siya lang bukod sa sarili ko ang makapagpapatunay na hindi ako nagsisinungaling.

Ang isinagot ko na lang sa kanila ..

**“Wala akong gusto sa kanya. Alam ng Diyos ‘yan. Interesado lang talaga ako don sa tao.”**

Inaasahan ko ng hindi sila maniniwala sa kin. Nasanay kasi sila na ang bukambibig ko lagi e yung mga kinahihinatnan ng outreach programs namin.

**“Nga pala Rio, sa Saturday may bibisitahin na naman tayong orphanage. Maghanda ka na ha. Baka kasi mas maraming bata don kumpara sa ibang orphanage na binisita natin.”** Sabi ni Sabel na mistulang kakambal ni Pau, isa sa pinaka – makulit sa grupo.

Teka. Napaisip ako. Anong araw ba ngayon?!

Ah, Martes pa lang pala. May apat na araw pa ko para makapaghanda.

**“Oh sige. Ako na bahala. Basta, tulungan niyo na lang akong makapaghanda nong ibang pagkain para sa kanila.”** Sagot ko sa kanila.

**“Syempre naman. Hindi naman pwedeng iasa na lang namin lahat sayo. Marunong din naman kaming mahiya ‘no.”** Si Aly, yung isa sa mga bestfriend ko.

**“Akala ko kasi hindi e.”**

Natawa na lang kaming lahat dahil sa sagot ko. Kahit naman kasi hindi ako marunong magalit, alam ko naman kahit papano kung paanong maging komedyante. Lahat naman kami sa grupo may kanya – kanyang katangian. Pwedeng kahit sino, maging joker, maging banatera. Kasama na ko.

Naghiwa – hiwalay na kaming apat pagkatapos. Si Sabel at Pau kasi, may klase pa. Kami naman ni Aly, wala na.



Hindi ako sumabay kay Aly pauwi dahil may dadaanan pa ko. Pinauna ko na lang siya dahil nakakahiya naman kung maghihintay pa siya sakin.

Bumalik muna ko sa org office namin dahil kinuha ko yung mga materyales na kailangan ko. Pagkatapos, isinara ko na at pumunta na ko don sa *pupuntahan* ko.

**“Hay, ang tagal ko ring hindi nakadalaw dito ah?! Ang lalaki niyo na. Tsaka, mas gumaganda kayo ngayon kumpara dati.”**

Buhat nong freshman ako, naging ugali ko ng bumisita dito. May nangyari kasi sakin nong araw na dinala ako ng mga paa ko dito e. Hanggang sa inaraw – araw ko na at hindi ko na namalayang napamahal na pala ko sa lugar na ‘to.

Kinuha ko na mula sa supot yung mga *materyales*. Kailangan ko kasing matapos ‘to bago mag – Sabado para naman may maipamigay ako doon sa mga bata.

Oo nga pala.

Volunteers kasi kaming apat na magkakaibigan. Isa lang yung outreach programs na ginagawa namin sa mga proyekto nung org na kinabibilangan namin. Masaya naman kami dito. Ginagawa namin to hindi lang dahil course requirement kundi dahil gusto din naming makatulong sa kapwa.

Nakatapos na ko ng dalawa ng may nagsalita. Literal na nagtayuan lahat ng balahibo ko sa katawan.

**“Akala ko, normal kang tao. Yun pala ...**

***May sayad ka rin tulad ko.”***

**Zero.**

\*\*\*

SERYOSO. Napanganga na lang ako dahil sa sinabi niya sakin. Hindi ko naman kasi akalaing nandoon din pala siya at kanina pa nakikinig sa mga sinasabi ko. Buti na lang, iilang sentence pa lang ang nababanggit ko dahil baka tuluyan na niyang isipin na may sira talaga ako sa ulo.

Nakakahiya. Nakakawala ng dignidad.

**“K-kanina ka paba diyan?!”** Tanong ko sa kanya. Nakakahiya, nagkanda – utal – utal pa ko.

**“Bakit ka namumula?! Naistorbo ko ba ang ‘me’ time mo?!”**

Kung ano pa yung hindi ko inaasahang isasagot niya, yun pa yung sinabi niya sakin.

**“Ah—eh, hindi naman.”**

Ibinalik ko na lang yung tingin ko doon sa ginagawa ko kahit na naaasiwa ako sa kanya. Medyo delikado kasi to e. Mabusising gawin, kaya dapat, tutok ka para maging maganda yung kalalabasan.

Alam ko sa sarili kong namumula na ko dahil sa hiya. Pero, bukod doon, parang may iba pang idinidikta yung utak ko. Parang may ipinapahiwatig na kung ano.

*Bakit parang masaya ata ko dahil nakita ko siya?! Dahil nasa iisang lugar siya kasama ko?!*

**“Para san yang ginagawa mo?! Para sa mga batang nagugutom?!”**

Napatingin tuloy ako ng di - oras sa kanya dahil sa gulat. Halos katabi ko na siya sa bench na kinauupuan ko ng di ko namamalayan.

Ano ba naman 'tong taong 'to. Napaka – unpredictable. Sa totoo lang, hindi ko malaman – laman kung nagbibiro ba siya o seryoso dahil walang pinagkaiba yung facial expression niya sa mga emosyong binanggit ko. O baka naman talagang curious lang siya.

**“H-hindi. Para sa project namin 'to.”**

**“Kakaiba namang project 'yan. Ngayon lang ako nakakita ng ganyang klase.”**

Hay Lord. Ayoko po sanang mainis, pero mukhang unti – unti na pong maglalaho yung *saya* gawa ng pagkakakita ko sa kanya. Lord, bigyan niyo po sana ako ng mas mahabang pasensya para naman matagalan ko pa siyang kausapin.

Ito na ba Lord yung pagkakataon na hinihiling ko po sa Inyo?!

Kung ito na nga po, maraming - marami pong salamat.

*Gusto ko po talaga siyang makilala.*

**“Kakaiba talaga. Kami lang ang may project na ganito e.”** Nakangiti kong sagot habang nakatingin sa kanya.

**“Alam mo, tulad niyang hawak mo, kakaiba ka rin e no. Lagi kang nakangiti. Ang kulay ng mundo mo. Parang wala kang problema sa buhay.”**

Naibalik ko tuloy ng di – oras yung paningin ko sa mga *ginagawa* ko.

Aaminin ko. Hindi ko talaga inaasahan na sasagot siya. At sa totoo lang, hindi ko rin inaasahan maski yung mismong sagot niya.

Pinag – iisipan ko pa non kung sasagot ako e. Hanggang sa ..

**“Okey lang sumagot ka. Nakakasawa na rin naman ang nag – iisa.”**

**“Huh?!”**

*May naalala tuloy ako.*

Halos ganyan din yung una niyang sinabi sa akin nong una kaming nagkita ah?!

**“A-ang ibig kong sabihin, libre namang sumagot. W-wala rin kasi akong makausap e.”**

Pagkatapos niyang magsalita, sumubsob lang siya sa mga tuhod niya. Yung upo niya, parang baby style. Yung tipong naka – yakap pa siya sa mga tuhod niya habang nakayuko.

Buti na lang, makapal – kapal na rin yung damo doon sa lugar. Hindi madudumihan yung damit niya.

Umalis ako doon sa bench at tumabi ako sa kanya. Inilapag ko muna sa supot yung ginagawa ko.

**“Bakit naman wala kang makausap?!”** Tanong ko sa kanya. Parang 7 years old lang ang kausap ko dahil sa tono ng boses ko. Ginaya ko rin yung style niya ng pag – upo.

**“Hindi mo rin naman tiyak gugustuhing malaman kung bakit.”** Nag – angat siya ng ulo.

Napatingin siya sa akin. Nagulat ako.

*Nagtama yung mga mata namin.*

At sa hindi inaasahang pagkakataon, biglang bumilis yung tibok ng puso ko.

**“B-bakit naman?!”** Sagot ko sa kanya.

Parang ang lakas ng kapangyarihan nung mga mata niya. Nung mga *tingin* niya. Para akong hinihigop, at unti – unti nahihipnotismo.

**“Alam mo ba kung anong pangalan ng lugar na ‘to?!”**

Iba na naman yung isinagot niya. Ano ba namang klaseng lalake ‘to. Hindi ko maintindihan. Hindi ko masundan.

*Napakamisteryoso.*

**“H-hindi. Bakit, ikaw ba alam mo?!”**

**“Oo naman. Malaki ang pasasalamat ko sa lugar na ‘to. Malaki ang utang na loob ko dito e. Ito lang yung nakakatagal sakin, sa pag – uugali ko. Ito yung tumanggap sa kung ano at sino talaga ‘ko. Kaya nga, alam mo ba ... binigyan ko ‘to ng pangalan kahit na originally e, ‘wala’ naman talaga?!”**

Naguluhan ako sa sinabi niya. Ano raw?! Binigyan niya ng pangalan ‘tong lugar dahil originally e wala talaga?! Samakatuwid, gawa – gawa niya lang pala yung ‘pangalan’ ng lugar na ‘to ... Tama?!

**“O-okey?! E ano ngang pangalan ng lugar na ‘to?!”** Bigla tuloy akong naging interesado.

**“14:03.”**

**“Ha?! Ano yun?!”**

**“Yun ang pangalan ng lugar na ‘to.”**

**“E bakit yun ang naisip mo?!”** Pakiramdam ko sobrang nakakunot ang noo ko dahil sa pagtataka. Ang labo lang nung naisip niyang *pangalan*. Kasing labo *niya*.

**“Masyado ka ng maraming nalalaman. Hindi naman dapat at hindi naman tama.”**

Tumayo na siya. Pinagpag niya muna yung damit niya tapos naglakad na siya palayo.

Ang labo niya talaga.

Akala ko nga, hindi man lang niya ako lilingunin o kung ano pa man e. Mapapanatag na nga dapat yung loob ko. Tama na muna 'to. Masaya ako dahil nagkausap kami ng medyo matino at medyo matagal kumpara sa una naming pagkikita.

Nagulat na lang ako dahil mula sa tapat ng pasukan nitong lugar na 'to e sumigaw siya at sinabing ..

**"Hihintayin kita dito sa Byernes. Sumipot ka kung gusto mo'ng papasukin kita sa buhay 'ko."** Pagkatapos, ngumiti siya.

Yung ngiti na lalong nagbigay – saya sa pakiramdam ko.

*At yung ngiti na lalong nagpabilis ng tibok ng puso ko.*

**Three.**

\*\*\*

HWEBES pa lang ng gabi pero hindi na ko mapakali. Iniisip ko kung sisipot ba ko sa lugar na yon o hindi. Ang hirap magdesisyon.

Paano kung hindi naman siya seryoso?! Paano kung nanggu – good time lang siya?!

Paano kung magpunta ko don tapos biglang siya pala 'tong di sisipot?! E di nagmukha lang akong tanga?!

Haaay. Ang dami kong iniisip na hindi naman dapat.

Dapat inuuna kong atupagin yung outreach program namin sa Sabado e. Halos ayos naman na yung mga detalye. Isa na lang yung kulang.

*Yung ginagawa ko.*

Kulang pa kasi ako sa materyales. At ang nakakainis pa, nakakaligtaan kong bumili lagi dahil nawawala sa isip ko. Pano nga kasi, iniisip ko yung sinabi nung *lalakeng* yon.

**“Nakakatawa. Kahit man lang pangalan mo, hindi ko alam, tapos makikipagkita pa ko sayo bukas?!”** Para na naman akong sira dahil kinakausap ko yung sarili ko.

**“Pupunta o hindi?! Sisipot o hindi?!”**

Okey lang naman kung susubukan diba?! Ginusto ko rin naman ‘to. Tsaka, nung dating hindi ko siya makita – kita, wagas ako kung makapaghanap sa kanya. Ngayon namang andyan na ... ang gulo mo lang Rio.

Kahit na naguguluhan ako, may isang bagay akong narealize.

Ang bait lang talaga ni Lord. Hindi ko na kailangang magmukhang stalker dahil Siya na mismo yung nagbibigay ng paraan para magkakilala kami.

*Unti - unti ko ng malalaman ang misteryo sa pagkatao niya.*

Kala niya ha.

Naghalungkat na ko ulit dahil nagbabakasakali akong makakita ako ng sobra o tira – tirang materyales.

May nakita naman ako doon sa drawer ko, kaso .. hindi ko gusto yung kulay.

*Navy blue.*

Parang hindi pambata. Parang pang – matanda na ‘to e. Para ngang panlalake.

*Masyadong panlalake.*

Baka hindi rin magustuhan ng mga bata kung gagawa ako gamit yung nakita kong sobra. Syempre, bilang bata nga naman, mas gugustuhin nilang makakuha nong light colours tulad ng pink, yellow, yellow green, sky blue, red at iba pa.

Bigla - biglang may ideya na pumasok sa isip ko.

Bilang paunang – suhol dahil bukas, may magpapapasok “sakin” sa buhay “niya,” sige, gagawa ako ng munting regalo.

Sinimulan ko na ang paggawa.

Ang swerte niya lang ha.

Grabe lang. *Siya*, at hindi yung mga kaibigan ko ang kauna – unahang makakatanggap ng bagay na *ginagawa* ko. Hindi naman sa ayaw ko silang bigyan pero nahihiya kasi ako. Tulad nga ng sinabi ko, masyado ‘tong pambata at baka masaktan lang ako kung lang din naman nila to isusuot o itatapon lang nila.

**“Hay Rio. Eh gano ka naman nakasisiguro na tatanggapin niya ‘yan at isusuot?!”**

Ewan ko. Sa totoo lang, hindi ko rin alam kung bakit bigla kong naisipan na bigyan siya nito e. Oo nga naman. Ang labo ng rason ko kung sakali. Pano pag tinanong niya kung para saan ‘to?! Bakit ko nga naman siya binibigyan ng ganito?!

Alam kong masasaktan ako kung sakaling ito ang sasabihin niya:

**“Bakit mo ko binibigyan ng ganito?! Pinayagan na ba kitang panghimasukan ang buhay ko?! Girlfriend ba kita ha?!”**



Baka lang kasi marinig ko na naman mula sa bibig niya yung mga masasakit na salitang sinabi niya sakin dati. Alam ko namang may rason siya kung bakit niya nasabi yun.

*Kaya nga doon ako nagsimulang mahiwagaan sa kanya e.*

Pero ..

Wala namang masama kung susubukan diba?!

Mag – aalas – onse na ng matapos ako sa *ginagawa* ko. Ang busisi talaga nito. Siguro, isa ito doon sa mga nag – train sakin kaya humaba ng ganito ang pasensya ko eh.

Niligpit ko na yung mga gamit ko. Pagkatapos, nilagay ko na sa bag yung ibibigay ko para sa kanya. Sana, tugma lahat ng inilagay ko doon. Sana, magustuhan niya.

Inayos ko lang ng kaunti yung kama ko, tapos nahiga na ‘ko at sinubukang matulog.

**“14:03? Ano nga kaya ‘yun?!”**

\*\*\*

PAGKATAPOS ng klase, nagkita – kita muna kaming apat para pag – usapan yung gagawin namin bukas. Sinabi ko kina Aly na kulang pa ng dalawa yung *ginagawa* ko. Tinanong nila kung bakit tapos nung sinabi ko naman yung dahilan, ito ang mga natanggap kong sagot:

**“Naku Rio ha, masyado ka ng inlab don sa lalakeng yon! Nakakaligtaan mo na yung mga dapat mong gawin.”** Si Sabel.

**“Sus, hayaan niyo na ngang magka – lovelife yang bunso natin! Unfair naman kung tayong 3 e may buhay – pagibig tapos siya wala.”** Sabi naman ni Pau.

Hay thank you Pau. Kahit na medyo malayo sa sitwasyon ko talaga yung sagot mo, ayos na rin kasi kahit papano, nakatulong.

**“Kilala mo na ba siya?!”** Tanong naman ni Aly.

Napalunok ako. Ewan ko pero alam kong pag sinagot ko yung tanong ni Aly, mapagtatawanan lang ako. Pero syempre, wala namang mawawala sa pagsasabi ng totoo. At ayoko pa naman sa lahat e yung magsisinungaling ako para mapagtakpan ang isang baluktot na bagay.

**“H-hindi e .. pero ..”**

**“Pero?!”** Sabay – sabay nilang tanong.

**“B-basta makikilala ko rin siya kaya wag na kayong magulo! Naniniwala naman ako don e!”** Sagot ko na lang sa kanila para matigil na.

**“Haynako. Ikaw ang bahala. Oh siya, sana mamayang gabi matapos mo na kasi kawawa naman yung dalawang batang hindi makakatanggap nung *regalo* mo.”**

**“Opo master Pau.”**

**“Tsaka Riobabes, 8 a.m tayo bukas a?! Malayo kasi yung orphanage, tsaka balita ko, magse – share tayo para pagasolinahan yung van ni manong.”**

**“E di ba pwedeng yung van niyo na lang Rio yung gamitin natin?! Kasi kung patak – patak pa tayo para sa gasolina, e baka mamulubi na ‘ko. Haha. May date pa kami ni G.”**

Tiningnan ko tuloy si Aly. Nako, pasalamat ‘tong babaeng to at sa kanilang tatlo e siya yung bestfriend ko e. Kung hindi, nako .. baka natutunan kong magtaray.

**“Oy, walang *ano* ha?!”** Sabi ko kay Aly.

**“Opo! ‘To naman. Hindi naman ako ganun ka – ano.”** Sagot naman niya.

**“Tama na nga yang usapang ano niyo. Oy mga babes, una na ‘ko. Bukas ha?!”** Si Pau.

**“Ako rin, tara na Aly. Ikaw ba Rio, di ka pa sasabay?!”** Tanong ni Sabel.

**“H-hindi muna. May gagawin pa kasi ako e.”** Sagot ko.

Medyo nagi – guilty na rin ako kasi hindi ko masabi – sabi sa kanila yung *sitwasyon* ko. Ayoko naman kasing pangunahan e, baka mamaya masyado na pala kong nag – a – assume, hindi ko pa namamalayan.

*Malay ko ba kung kailangan lang talaga niya ng kausap.*

Kasi nga diba, ang sabi niya, *“Wala akong makausap e.”*

**“O sige, ingat ka na lang. Una na kami Rio ha?!”**

**“Bye! Ingat kayo.”**

Ilang sandali pa at wala na silang tatlo sa paningin ko.

Bigla akong kinabahan.

*Pupunta ba ‘ko?! Pupunta o pupunta?!*

Tiningnan ko muna yung oras sa relo ko.

**“2:33 p.m na pala.”**

Kung nagtataka kayo kung bakit ang bilis matapos ng klase naming apat, ganyan talaga. Medyo walang kwenta ang schedule namin ngayong second year. Papasok ng alas – syete ng umaga, uuwi ng alas dos. Ganyan ka – simple at ganyan ka – gaan.

Nasa kalagitnaan ako ng pagdedesisyon kung pupunta ba ko o hindi sa lugar na ‘yon ng may nakita akong, sabihin na nating .. nagtulak sakín para makapag – isip ng matino.

Naglalakad kasi ako papuntang study area ng may nakita kong dalawang tao. Dalawang taong nag – aaway.

**“Hay nako! Pasalamat ka naiintriga ako sa buhay mo kundi ... hindi kita sisiputin dito e!”**

**“E bakit pinilit ba kitang pumunta?! Ang sinabi ko lang naman sayo, *“Kung interesado ka sa buhay ko, pumunta ka!”* Ganon kalinaw diba?!”**

**“Bakit, hindi ba halatang interesado ako sa buhay mo?! *At sayo mismo?!”***

**“Hindi! Diyan ka na nga! Wag kang susunod! Nakakainis ka!”**

**“Hoy! Reina naman e!! Uy!!”**

Napangiti tuloy ako.

Parang kani – kanina lang e mamu - mroblema ako tapos biglang may makikita akong ganito. Pero, taliwas sa sitwasyon ko yung kanila. Yung lalake ang pumunta doon sa study area para ata makipagkita doon sa babae. Tapos, yung babae naman, parang .. parang .. parang *siya*.

Nakapag – desisyon tuloy ako. Salamat po Lord.

*“Pasalamat ka na lang, interesado ako sa buhay mo .. at sayo mismo.”*

Naglalakad na ‘ko papunta doon sa lugar. Kahit na medyo kinakabahan ...

*At kahit na parang nilalamig ako.*

\*\*\*

WALA pa *siya* sa lugar pagdating ko. Medyo nakahinga naman ako ng maluwag dahil hindi ko pa talaga alam ang gagawin ko pag nagkaharap na kami.

*Bakit ba ko kinakabahan?! Bakit ba ko nilalamig?!*

Umupo muna ako doon sa isang bench. Hinanap ko muna sa bag ko yung *ginawa* ko para sa kanya.

**“Sana talaga magustuhan niya.”**

Pagkatapos, ibinalik ko na ulit sa bag ko. Baka kasi mamaya, makita pa niya—

**“Alin yung *sana talaga e magustuhan niya?*”**

Ayan na naman siya. Bakit ba ‘tong lalakeng ‘to, parang kabute?! Bigla – biglang lulubog, bigla – biglang lilitaw.

**“Luli ka ba?!”** Napatanga na lang tuloy ako sa kanya dahil sa pagka – bigla.

Bago ko pa marealize yung tanong ko, naitanong ko na. Ano ba naman yan, Rio.

**“Ha?! Anong luli?!”**

**“A-ano kasi e. P-para kang kabute. Lulubog, lilitaw. Luli.”**

Sige na Rio, hilingin mo na kay Lord na lamunin ka na ngayon ng lupa. Kasama ng mga pinakamamahal mong kabute. Kahihyan naman kasi.

*Ano ba naman 'tong pinasok ko. Nakakawala ng dignidad.*

Napatakip tuloy ako ng mukha ko ng di – oras.

**“Wag kang mahiya .. alam mo ba, ng dahil dyan sa “luli” mo,**

***E gumanda yung araw ko?!”***

**TG.**

**\*\*\***

NAMUMULA ata ako. Hindi ko lang alam kung dahil sa hiya o dahil sa pagka – bigla. Hindi ko naman kasi talaga intensyong mag – biro ng ganon e. Alam ko namang korni, pero bago pa kasi ako nakapag – isip, nasabi ko na. Dyahe tuloy. Nakakahiya talaga.

**“H-ha?! E .. kasi naman ‘to e.”** Sabi ko na lang sa kanya.

**“Anong oras na?!”** Sagot niya.

**“2:57 na.”**

**“Malapit na pala.”**

Tumingin siya sa malayo. Akala ko nga nung una, yung mga tanim na bulaklak ang tinitingnan niya e. Pero nung tiningnan ko ulit siya at yung direksyon ng mga mata niya, doon ko nakita na .. *hindi* lang basta yung mga bulaklak ang nakikita niya.

*Parang iba yung tinitingnan niya. Parang may iba siyang nakikita. Parang may iba pang hinahanap ang mga mata niya.*

**“A-ang alin?”** Naitanong ko nalang sa kanya.

**“W-wala. Pumunta ka dito. Ibig sabihin, interesado ka talaga sa *buhay* ko, tama?”**

Nung mga oras na ‘yon, hindi ko alam pero .. ang lamig ng pakiramdam ko. Kinakabahan na naman ako tiyak sa isasagot niya sa mga bagay na sasabihin ko.

**“Oo, pero .. ano kasi. Uhm, a-ano—“**

**“Handa ka bang mag – tiyaga sa katulad ko?!”**

**“H-ha?! Eh—oo, sige.”** Sagot ko sa kanya kahit na hindi talaga ako sigurado kung ano ba yung ibig niyang sabihin.

*At kung ano talaga yung ipinahihiwatig niya.*

**“Ngayon lang ako naging bukas sa isang tao. Sana, hindi ako mabigo.”** Tumingin siya ng direktso sakín.

Yung tingin na tumatagos sa mga mata ko. *Nakakalunod. Ang lalim.*

**“W-wag kang mag – alala, hindi naman ako .. Ang ibig kong sabihin, pwede mo naman akong pagkatiwalaan e.”**

**“Minsan kasi, kung sino pa yung mga taong pinagkatiwalaan natin, sila pa yung gagawa ng paraan para mabigo tayo, *para masaktan tayo.*”**

“H-hindi ko yata maintindihan.”

“Kita mo nga, ngayon pa lang, hindi mo na ko *maintindihan*, pano pa kaya sa susunod?! Pano pa kaya sa ibang araw?! Pano pa kaya pag .. *pag nagkita na tayo ulit!*?”

“Bakit kasi ganyan ka magsalita?! Lagi na lang ano e ..”

“Laging ano?!”

“Laging may *hiwaga*. Para kang puzzle e. Alam mo bang isa kang malaking *misteryo* para sakin?!”

“Lahat naman yata ng tao, *misteryo*. Kahit sino, may tinatagong *hiwaga* sa pagkatao nila. Kaya walang kaso yun. Dahil kahit naman *ikaw*, may itinatago.”

Nginitian niya ako.

Napag – isip isip kong may punto siya. Oo nga naman. Hindi naman sa lahat ng pagkakataon, nagiging totoo tayo sa sarili natin e. At hindi rin sa lahat ng pagkakataon, naitatago natin yung *misteryo* na gusto nating ikubli.

“Anong pangalan mo?!”

“R-Rio. Rio dela Cruz. I-ikaw?”

“Pano pag hindi ko sinagot yang tanong mo?!”

“Wag ka namang madaya. Sinabi ko yung pangalan ko. Kaya para patas, sabihin mo rin yung iyo.”

“Yung pangalan ko, kasing dami ng letra ng given name mo. Pero alam mo ba, hanggang ngayon, hindi ko lubos – maisip kung bakit yun ang pangalan ko?”



**“B-bakit naman? Ayaw mo ba—“**

**--“Tey. Tey Galvez. Ang gara no?!”**

Tey?! Ngayon lang ako nakarinig ng ganyang pangalan sa tanang buhay ko. Grabe naman ‘tong lalakeng ‘to, nung una, yung pagkatao lang niya ang nakaka – intriga. Ngayon naman, pati pangalan niya.

**“A-ang ganda ng pangalan mo. Kakaiba.”**

**“Parang ikaw.”** Sagot niya sakín.

**“A-anong course mo dito?!”**

Hindi niya ko sinagot. Ngumiti lang siya sakín.

Nakakahiya. Nagkakandautal – utal pa ko dahil sa sinabi niya. Kakaiba raw ako?! Ano naman kayang “kakaiba” sakín? Sa buhay ko?!

**“Namumula ka.”**

*Ayan na naman yung tingin niya.*

**“A-ang init kasi e. Madali talaga akong mag – blush.”**

Nagulat na lang ako dahil sa sunod niyang ginawa. Hinawakan niya yung pisngi ko. Tapos, sinalat niya yung noo ko.

**“Wala ka namang lagnat?! Baka may sakit ka tapos mabinat ka pa a, nakakatakot yang pamumula ng mukha mo e.”**

**“O-okey lang ako.”** Iniwas ko na yung tingin ko sa kanya dahil tingin ko, tingin ko ..

*Lalo lang akong mamumula dahil sa mga titig niya.*

**“Ang ganda dito no?!”** Sabi niya.

**“O-oo nga. Madalas ka rin ba dito?!”**

**“Hindi ka naman nakikinig sakin e. Diba nga, sabi ko sayo, ito lang yung lugar na tumanggap sakin .. yung lugar na tumanggap sa kung ano at sino talaga ako.”**

Oo nga pala. Bakit ba nakalimutan ko na sinabi na niya yun sakin nung una kaming magkita?! Nakakahiya ka Rio.

**“S-sorry. Nakalimutan ko. T-teka, ako ba .. pwedeng .. Pwede bang—“**

**--“Pwede bang ano?!”**

Gusto ko sanang sabihin sa kanya na .. *“Pwede bang tulad ng lugar nito, maging daan din ako para makilala kita?! Para naman matanggap kita .. at para matanggap ko kung ano at sino ka talaga.”*

**“Wag kang mag – alala, pinapapasok na kita sa buhay ko. Pero sa isang kondisyon.”**

**“A-anong kondisyon?”**

Nakita ko na huminga muna siya ng malalim, tapos saka niya sinabi yung isang bagay na nagpa – guho ng mundo ko ..

**“Pag alam mo na yung ibig sabihin ng 14:03, pwede bang ...**

***Umalis ka na rin sa buhay ko?"***

**RDC.**

**\*\*\***

HINDI ko naibigay sa kanya yung bagay na *pinagpuyatan* ko pa naman. Paano ba naman kasi, sa sobrang pagka – bigla ko, hindi na ko nakasagot sa kanya.

*At hindi ko rin namalayan na nakaalis na pala siya.*

Naiwan ako sa lugar na yon ng nakatanga. Ayos diba?!

Hindi na talaga nakakatuwa yung lalakeng ‘yun.

Akala ko sa pag – uusap namin kahapon maliliwanagan na ko ukol sa kanya. Na malalaman ko na kung ano yung misteryong bumabalot sa pagkatao niya. Na mas makikilala ko na siya.

Mali pala.

Lalo lang akong naguluhan. Lalo lang akong naging interesado sa kanya.

*At lalo ko lang din siyang hinanap – hanap.*

**“Rio, kanina ka pa tahimik. Baka hindi ka makapag – concentrate mamaya sa mga bata ha?!”**

**“Ano bang problema?! May dysmenorrhea ka ba?!”**

**“O iniisip mo na naman *siya*?!”**

Bakit ba sa lahat ng mga kaibigan ko, si Aly talaga ang nakakahula ng halos lahat ng dinaramdam ko?! May 6<sup>th</sup> sense ata ‘tong babaeng ‘to e.

Natumbok ni Aly ang totoo. Nakaka – guilty lang.

Pero hindi ako aamin. Ayokong umamin.

**“H-hindi. Kulang lang ako sa tulog. Tinapos ko kasi yung mga *ginagawa* ko e.”**

**“Oo nga pala. Wala naman tayong naiwan no?!”** Tanong ni Sabel.

**“Syempre naman. Si Rio pa. Kaya nga siya ang project head natin lagi e. Responsible na, mabait pa.”** Si Pau.

**“Wag niyo nga akong bolahin.”**

Ilang sandali pa at nakarating din kami sa pakay naming lugar. Medyo malapit lang naman yung orphanage. Hindi na rin namin kinailangang magpagasolina dahil yung van na namin ang ginamit ng grupo. Syempre para makatipid.

Pinapasok na kami nung guard. Dumiretso muna kami sa opisina nung mga madre. Nakakahiya naman kung basta – basta na lang kaming magfa – facilitate ng program ng hindi pa nila kami nakikita.

Malaki yung orphanage. Sa gawing kanan, nandoon yung building na tinutulugan nong mga settlers, pati yung opisina nung mga madre. Nag – aagaw sa pinaghalong kulay asul at puti yung kulay nung building. Ang sarap sa mata nung kulay. Sa bandang kaliwa naman, nandoon yung garden, playground at pati na rin yung maliit na palaisdaan na ayon mismo sa guard, wala namang mga isda.

**“Magandang umaga po sister.”** Bati ko doon sa pinaka – superior na madre na siyang sumalubong samin sa loob ng opisina.

**“Magandang umaga rin sa inyo, mga iha. Ako nga pala si sister Lourdes. Nag – agahan na ba kayo?”** Nakangiti niyang tanong.

**“Opo sister Lourdes, wag po kayong mag – alala. Ayos lang po kami.”** Sagot naman ni Aly.

**“Ah, ilan po ba ang mga bata dito sister?”** Si Pau.

**“Dalawampung – lima lang ang bata dito. Mababait naman silang lahat. Hindi kayo magkakaproblema sa kanila.”**

**“Ay, mabuti naman po pala kung ganon sister.”** Sabad naman ni Sabel.

**“Pero .. may isang bata dito na tiyak, magkakaproblema kayo. Masyado kasing problemado yung batang ‘yon. Kaya, pagpasensyahan niyo na sana.”** Sagot naman ni sister Lourdes.

**“Naku, kayang – kaya na po ni Rio ‘yan. Siya po ang pinaka – pasensyosa sa grupo namin sister. Kaya, kahit sinong mabangis na bata, kaya niyang mapa – amo.”**

Nakakahiya ka talaga Sabel.

**“Ah—eh siguro po, madadaan ko naman po siya sa mahinahong usapan.”** Sabi ko na lang para pambawi doon sa nakakahiyang banat ni Sabel.

**“O siya, nasa kwarto lang silang lahat. Palalabasin ko muna at papupuntahin ko na sila sa garden. Kayo na sana ang bahala sa kanila ha?!”**

**“Opo sister Lourdes. Makakaasa po kayo na di namin sila pabababayaan.”**

Pagkatapos non, dumiretso na kami sa garden ayon sa instructions ni sister Lourdes. Isa – isa na naming inihanda yung mga gamit namin. Kinuha ko na rin sa bag ko yung mga bagay na *pinagpuyatan* ko at binilang. Baka kasi mamaya, magkulang pa.

Nakuha ng antenyon ko yung *bagay* na dapat e ibibigay ko sana sa *kanya* kahapon.

**“Sayang ka naman. S-sana maibigay pa kita sa *kanya*.”**

Ibinalik ko na rin sa bag ko pagkatapos yung *mga bagay* na inilabas ko. Surpresa ko ‘to sa mga bata, parang “remembrance” ba. Kaya ibibigay ko ‘to sa kanila bago kami umalis.

**“Yey! May mga bago tayong ate!”**

**“Ate, anong pangalan mo?!”**

**“Ate, ang ganda mo naman.. Pakakasalan kita. Hintayin mo ‘ko ha?!”**

Natawa nalang kami dahil sa kakulitan nong mga bata. The best yung banat nong isang batang lalaki kay Pau e.

At muli, nakakaramdam na naman ako ng saya dahil sa ginagawa naming pagtulong sa kanila. Sana naman, pagkatapos ng araw na ‘to, hindi nila kami makalimutan. Sana, makagawa kami ng paraan para makabalik dito.

Ang dami nila. Nakaka – overwhelm. Pero, alam ko sa sarili ko na mag – eenjoy kami kasama sila. Sana, sana nga ... makabalik kami.

**“Ate, ate .. A-anong pangalan mo?!”** May kumalabit saking batang babae.

**“Ako si ate Rio. Ikaw? Ang cute – cute mo naman.”** Sabi ko sa kanya.

**“Leeyow?! Ang ganda naman ng pangalan mo ate. Ako naman po si Ria.”**

Nakakatuwa naman siya. Ang bibo niya. Hindi ko nalang pinansin yung pagbigkas niya ng pangalan ko. Cute naman e.

**“Ria?! Ang ganda naman ng pangalan mo. Halos magkatunog tayo.”**

**“Ate Leeyow, bakit kayo nandito?! Dito na ba kayo titira kasama namin nila kuya TG?!”**

**“TG?!”**

Ewan ko, pero bumilis ang tibok ng puso ko sa pagkakarinig sa pangalang TG. Teka, posible kayang ..

Hindi. Hindi pwede. Malabo. Imposible.

**“Pau, ilan yung mga bata?!”** Tanong ni Aly.

Binilang ni Pau yung mga bata na kasama namin ngayon. Teka, parang kulang ng isa ha?!

**“Pau, Sabel, kulang ng isa yung mga bata.”** Sabi ko sa kanila.

**“Ate Leeyow, si kuya TG po kasi nasa .. nasa likod po ng building namin. Yung building po na color blue?!”**

**“Ha?! Bakit naman siya nandoon? Naku namang batang ‘yun! Pano kung madisgrasya siya don?!”**

**“Aly, relax ka lang. Baka matakot yung ibang bata dahil sa sigaw mo e.”** Sabi ko naman kay Aly.

**“Ate Leeyow, puntahan mo naman po siya oh. Nandon lang po siya sa lugar na sinabi ko. Ayaw daw po niya kasing pumunta dito e. Ate Leeyow, baka malungkot na naman po siya. Ate Leeyow, mahal na mahal ko po kasi si kuya TG, at ayaw ko pong nakikita siyang malungkot. Baka po kasi umiiyak na naman siya dun e.”**

**“Ganon ba Ria?! Pwede mo ba kong samahan sa kanya?!”** Tanong ko kay Ria.

**“Ate Leeyow, ayaw daw po muna niya kong makita e.. Baka po kasi magalit lang yun sakín pag sumama ako, at ayaw ko naman pong mangyari yun. Ate Leeyow, pwedeng ikaw na lang po pumunta sa kanya?”**

Hay. Ano ba namang bata ‘yun.

Mukhang tama nga si sister Lourdes na magkakaproblema talaga kami sa kanya.

**“Sige na Rio, kami na munang bahala dito. Puntahan mo na yun at baka kung ano pa maisipang gawin non don.”**

**“Sige. Babalik ako. Ria, behave ka lang dapat a?! Pagbalik ko kasama ni TG, maglalaro tayong tatlo.”** Nginitian ko siya para naman di siya mag – alala.

**“Opo. Pramis po yan ate Leeyow ah?!”** Ngumiti na rin si Ria.

***“Oo, promise.”***

\*\*\*

**14:03.**

\*\*\*

MEDYO malayo rin ang nilakad ko pabalik doon sa building nila. Ang masaklap pa nito, kailangan ko pang pumunta doon sa likod ng building para makita yung TG na ‘yun.

**“Haynako, TG ka. Bakit ka ba ganyan?! Pinahihirapan mo kami.”**

Nagulat ako pagkakita ko doon sa lugar. Sa likod kasi ng building nila, may miniature na garden. Ang astig.

*Parang hidden paradise.*



Pero mas nagulat ako dahil sa nakita ko. Hindi ako pwedeng magkamali. Kilalang – kilala ko yung taong ‘yun.

Pamilyar na pamilyar sakín yung isang pigura na nakaupo don sa damuhan. Nakatalikod siya sakín kaya hindi ko makita yung mukha niya. Nakaharap siya sa mga bulaklak.

Nandito lang pala *siya*.

Kinakabahan na naman ako. Ayan na naman yung malamig na pakiramdam. Pero sa sandaling ito, hindi lang yun ang nararamdaman ko e.

*Bakit parang masayang – masaya ako na nakita ko siya dito?!*

Naglakas – loob na ‘kong lumapit sa kanya. Wala na kong pakialam kasehodang sigawan man niya ako o ano. Hindi ako aalis sa lugar na ‘to ng hindi siya kasama.

*Nangako ako kay Ria.*

**“K-kanina ka pa namin hinahanap. Ayaw mo bang makipaglaro samin kasama ni Ria?!”**

Alam kong nabigla siya dahil napapitlag siya pagkarinig sa boses ko.

**“B-bakit ka nandito?!”** Ang lamig ng pagkakasabi niya non sakín.

*Kasing – lamig ng mga titig niya sa mata ko.*

**“T-tanda mo yung sinabi ko sayong project namin?! Ito yun. Bumibisita kami sa mga bata sa bahay – ampunan—“**

**--“Para ipakita mo sa kanila na kaawa – awa sila?! Na kaya kayo nandito e dahil kinaaawaan niyo yung kalagayan nila?!”**

“Tey, hindi ganon. Gusto lang naming makatulong—“

--“Para ano, para ipamukha mo sa kanila kung gaano sila kamalas sa buhay?! Kung gaano sila kamalas dahil inabandona sila ng mga magulang nila at basta na lang iniwan sa kung saan?! Para maunawaan nila na kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi na sila babalikan ng mga taong mahal nila sa buhay?!”

“T-Tey, hindi ganon. H-hindi naman yun ang ginagawa namin e.”

“Pero yun ang ipinaparamdam mo sa kanila. Sa amin. Sa *akin*.”

“Tey ..”

Naluluha na ko dahil sa mga sinasabi niya sakín. *Nasasaktan ako*. Unang una sa lahat, hindi ko naman akalain na *isa pala siya* sa mga bata dito. Na tulad nina Ria at ng iba pang bata dito, e naging biktima ng masalimuot na kapalaran.

*Kapalarang kung tutuusin, hindi naman nila pinili. Hindi nila ginusto.*

“Tey, sorry. Hindi ko .. H-hindi ko naman alam e.”

“Ngayon alam mo na. May magagawa pa ba yang sorry mo?! Sabihin mo nga sakín, anong magagawa niyang sorry mo para maibsan yung sakit na nararamdaman ko?! Yung sakit na araw – araw e nagiging dahilan ng mga bangungot ko?! Rio, hindi mo kasi alam e. Wala ka kasing alam!”

“Tey, wag ganito. Wag naman ganito ..”

Napaupo na ko ng tuluyan sa damuhan. Naiiyak ako. Ayoko ng ganito. Oo nga, hindi ko alam ang pakiramdam ng isang batang inabandona, pero alam ko naman kung anong pakiramdam ng isang taong nawalan ng mahal sa buhay. Ng magulang.

*Hindi ba, kahit papano, patas naman kami?! Na pareho kami ng sitwasyon?!*

**“T-tey, hindi ko masasabing kahit papano e pareho na tayo ng sitwasyon. Pero alam mo ba, tulad mo .. ulila na rin ako. Kamamatay lang ng mga magulang ko nong nakaraang taon. Naaksidente sila habang papunta sana sa .. sa .. sa celebration ng kaarawan ko. Hindi pa ko nakaka – move on sa sakit, pero Tey, anong magagawa ko?! Mas gugustuhin ko pang ipagpatuloy ang buhay ko kesa magmukmok ako sa isang sulok at maging malungkot. Patuloy lang akong masasaktan. At para ko na ring sinayang ang buhay na ibinigay saakin ng mga magulang ko kung patuloy lang akong mamumuhay sa sakit.”**

**“Hindi kasi ako kagaya mo e. Kaya sorry. Marami ka pang hindi alam saakin. Pwede bang iwan mo muna ko? Gusto kong mapag – isa.”**

Tumalikod na naman siya saakin. Aalis na sana ako para iwan siya, kaya lang .. nakuha ng atensyon ko yung isang bagay na inalis niya mula sa isang lalagyan.

*Blade.*

Hindi .. hindi yun totoo diba?! Hindi niya ‘yun gagawin diba?! Hindi .. hindi siya ganon. *Hindi ganon si Tey.*

Kaya lang .. nabigo ako ng makita kong hawak na niya ito at anumang oras e tila handang iguhit sa .. sa bisig niya.

Naalarma na ako. Hindi ako makapaniwala.

**“T-tey, ano ba naman?! Talaga bang wala ka ng pagpapahalaga sa buhay mo?! Tey, bitawan mo nga yan!!”**

Lumapit ako sa kinaroroonan niya at pilit kong inaagaw yung blade na kani – kanina lang e hawak niya. Nadaplisan ako sa daliri. Oo, *masakit*. Pero wala ng mas sasakit pa sa nakikita ko ngayon.

*Nasasaktan ako dahil nakikita ko siyang ganito. Na para bang walang kwenta sa kanya yung buhay niya.*

Nagdurugo yung sugat ko. Dalawa sa magkabilang daliri ko yung nasugatan. Yung hintuturo at yung hinlalaki.

**“R-rio. S-sorry. H-hindi ko sinasadya. H-hindi ko sinasadyang masaktan ka.”** Hinawakan niya yung kamay ko at pinunasan yung dugo gamit yung panyo niya.

Tumingin lang ako sa mga mata niya. Naiinis ako sa sarili ko dahil hindi naman romantiko yung nangyayari sa pagitan namin, pero ..

*Bakit ang lakas ng tibok ng puso ko?!*

Iwinaglit ko muna sa isipan ko yung bagay na yun. Gusto kong magkausap kami. At sana, sa pamamagitan ng pangyayaring ito ...

*Mas makilala ko pa siya.*

**“Tey, hindi ka ba natatakot sa Kanya? Bakit mo ‘to ginagawa?!”**

**“H-hindi mo na kailangang malaman.”** Tuloy pa rin siya sa paggamot sa sugat ko.

Oo, masakit yung mga dalirin ko, pero kailangan ko ‘tong indahin. May mga bagay pa kong kailangang harapin at dapat ayusin. Napatingin ako sa mga kamay niyang patuloy pa rin sa pagpapahid ng dugo sa mga sugat ko. Natakot ako dahil sa nakita ko sa magkabilang bisig niya. Tey, *bakit?*

*Bakit mo ‘to ginagawa sa sarili mo?!*

**“M-masaya ka ba?!”** Hindi ko tinanggal yung pagkakahawak niya sa kamay ko. Sa di maipaliwanag na kadahilanan, nararamdaman kong medyo naiibsang yung sakit na nararamdaman ko gawa ng pagkakahawak niya dito.

**“T-tey, bakit .. bakit puro sugat ‘yan?! T-tey, ganyan na ba kababa yung tingin mo sa sarili mo?!”** Umiiyak na naman ako. Tiningnan ko siya ng diretso sa mga mata. Wala akong pakialam kahit na katawa – tawa yung hitsura ko, gusto kong malaman niya na nalulungkot ako dahil sa inaasal niya.

*Na nasasaktan ako dahil sa ginagawa niya sa buhay niya.*

Naiinis ako sa sarili ko.

Hindi ko siya kaanu – ano. Kung tutuusin, wala naman akong dapat pakialam sa lalaking ‘to e. Hindi ko siya kilala, kaya wala akong karapatang panghimasukan ang buhay niya. Hindi ako dapat nakikialam sa mundo niya.

Pero alam niyo yung nakakainis?!

*Nasasaktan ako dahil nakikita ko siyang ganito. Na nakikita ko siyang nasasaktan pero wala siyang ibang ginawa kundi patuloy pa ring saktan ang sarili niya.*

**“W-wala kang pakialam. Tsaka, pwede bang, wag kang umiyak?! Ayokong nakakakita ng taong umiiyak ..**

***Lalo lang akong nasasaktan.”***

\*\*\*

**14:03 pt. 2**

\*\*\*

MAG – AALAS ONSE na ng umaga pero pareho pa rin kaming nandito sa *hidden paradise*. Siguro naman, sa mga oras na ‘to, pareho na kaming kalmado. At panigurado, pareho na rin kaming hinahanap ng mga bata at ng mga kaibigan ko.

Walang nagsasalita saming dalawa. Pareho lang kaming naka – upo ala baby style sa damuhan.

Gusto ko ng basagin ang katahimikan. Gusto ko na siyang makilala. Gusto ko na siyang makausap.

*Gusto ko ng malaman ang puno’t dulo ng sakit na nararamdaman niya.*

**“Rio—**

**--Tey”**

Nagkasabay pa kami. Ano ba yan.

**“Mauna ka na. Sa pagkakataong ‘to, babaliin ko muna yung ‘ladies first.’ Gusto kitang *pakinggan*. Makiking lang ako kaya, sana, *magsalita ka na.*”**

**“.....”**

**“Please, Tey?! Alam mo, makakabuti rin sayo yan e. Hindi nga ako ang best counselor na makakausap mo, pero .. sana .. sa paglabas mo ng mga saloobin mo sakín, kahit papano, maibsan yung sakit.**

**Yun lang naman yung gusto ko e. Yung kahit papano, mabawasan yung sakit na nararamdaman mo. Pwede ba yun, Tey?!”**

Huminga muna siya ng malalim. Alam kong nahihirapan siyang magdesisyon kung sasabihin ba niya sakín o hindi yung mga bagay na dinaramdam niya. Pero kahit anong mangyari, hindi ako titigil, hindi ako hihinto. Gagawin ko lahat ng paraang alam ko para pagkatiwalaan niya ko. Gusto ko siyang tulungan.

*At kailangan na rin niyang tulungan ang sarili niya.*

**“S-sabi sakín nung mga madre, iniwan daw ako ng nanay ko dito nung 2 years old pa lang ako. W-walang nakalagay na kahit na anong impormasyon ukol sakín liban sa mga letrang “TG.” Nababaliw na kahuhula yung mga madre kung anong ibig sabihin nun, kaya naman lumipas ang tatlong buwan ng wala akong pangalan. Tuwang tuwa sakín yung mga madre dahil kada kakausapin daw nila ‘ko, ang lagi kong sinasabi, “Tey! Tey! Tey!” Kasabay ng pagpapalakpak ng dalawang kamay ko. Hanggang sa, nagka – ideya yung dating mother superior na pangalanan na lang akong ‘Tey,’ tatal .. yun naman daw ang lagi kong bukambibig. Dati, taun – taon may nagpapadala sakín ng sulat. Wala namang nakalagay na kahit na ako doon sa sender liban sa initials na ‘TG.’ Basta ang lagi lang nakalagay sa sulat na ‘yun, “Mahal na mahal daw niya ako. Patawarin ko raw siya dahil hindi siya naging matapang para arugain ako, para kalingain ako.” Ipinaliwanag niya rin kung bakít ‘TG’ yung inilagay niya sa damit ko nung 2 years old pa lang ako. Alam niya raw kasi na mababait ang mga tao dito, at hindi ako pababayaan. Para na rin daw akong nakatira sa bahay ng Diyos dahil sa kabutihan ng mga madreng kumalinga sakín. Kaya ang ibig sabihin daw nun, “To God.”**

**Sabi pa nga niya, “Hindi raw siya nagkamali. Alam daw niyang lalaki akong mabuting tao. At masaya raw siyang malamang pinag - aaral ako nung mga madre. Dininig daw ng Diyos yung lahat ng panalangin niya.” Makalipas ang labing – anim na taon, doon ko lang napagtanto kung bakít nga ba “tey” ang lagi kong sinasabi nung 2 years old pa lang ako. Sumasaya kasi ako pag nakikita ko yung mga madre. Kaso, dahil nga bulol pa ko non, imbis na “sister,” “sistey” o sa madaling salita, “tey” lang ang nababanggit ko.”**

Hindi ako sumagot. Patuloy pa rin akong nakikinig sa kanya. Ayoko siyang maistorbo sa pagsasalita. Gusto ko pa siyang pakinggan. Gusto ko pang marinig yung mga sasabihin niya.

**“Kaso, alam mo ba .. nung 16 years old ako, may natanggap akong sulat. At hindi ko naman akalain na, iyon na yung huling sulat na matanggap ko mula sa taong nagpapadala nun. Sabi sa sulat, namatay na raw yung tatay ko .. Hindi niya matandaan kung ano yung tawag sa sakit na yun e, pero .. bago raw mamatay yung tatay ko .. Ipinasasabi sakín na, *“Mahal na mahal daw niya ako, at patawad daw kung hindi man lang niya ako nakasama. Patawarin ko raw siya kung hindi siya naging mabuting ama sakín. Sana raw, magkaroon ng puwang sa puso ko para sa kapatawaran niya, at sana raw .. kahit na hindi ko siya nakilala, wag ko raw siyang kalimutan.”***

May namuong luha sa mga mata niya. Gusto ko sanang pahirin, kaya lang .. panigurado, maiistorbo ko siya. Hinayaan ko na lang. Makakabuti naman ‘to sa kanya e.

*Minsan kasi, umiiyak tayo hindi dahil indikasyon na mahina tayo, kundi dahil pagod na rin tayong magtago. Na pagod na rin tayong magpanggap.*

*Magpanggap na kaya natin lahat, magpanggap na malakas.*

**“Natawa ako, alam mo na kung bakit?! Naisip ko kasi .. pano ko naman makakalimutan yung isang tao na kahit kelan, hindi ko naman nakita’t nakilala diba?! Pero kahit na ganon, sinabi ko na lang sa Diyos na pinapatawad ko na *siya*, yung tatay ko. Tapos, nitong nakaraang dalawang taon ko lang din nalaman na *patay* na rin pala yung nanay ko. Namatay siya sa sakín na AIDS. Agad – agad akong pinasuri sa doktor nung mga madre, dahil baka raw .. alam mo na. Pero maswerte dahil wala naman silang nakita sakín. Yun siguro yung kauna – unahang swerte sa buhay ko.”**

Sa pagkakataong ito, tumulo na ng tuluyan yung mga luha niya. Tumingin siya sakín.

*Hindi ko kayang tagalan yung titig na ‘yun. Nadudurog ang puso ko.*

**“Alam mo, hindi naman ako galit sa kanila e. Kaya lang, sana diba, inisip din nila kung ano yung mararamdaman ko sa sandaling malaman kong ipinaampon nila ako. Paano kung gusto ko silang makilala o makasama diba?! Yun lang ang tanging bagay na kinu – kwesiyon ko sa Diyos ko e. Kung bakit hindi Niya man lang ako binigyan ng pagkakataon para man lang makasama yung mga magulang ko .. Yung mga taong dahilan kung bakit ako nandito, kung bakit nandito ako sa mundong ‘to. Gusto ko silang makilala, kahit man lang sa sandaling panahon .. pero ipinagkait pa Niya sakín yun. At doon ako nagagalit. Doon, sa bagay na ‘yon.”**

**“Tapos, alam mo ba .. hindi pa doon natatapos ang kalbaryo ko .. Nakaligtas nga ako sa virus, pero yun pala—“**

Hinihintay kong tapusin niya yung sasabihin niya. Pero hindi niya na tinapos. Sa halip, sumubsob lang siya sa tuhod niya at *umiyak*.

Hindi na kaya ng mata ko yung nakikita ko sa kanya. Sabi ko nga, *nasasaktan ako*. Nadudurog yung puso ko dahil sa nakikita ko sa kanya ngayon. Hindi ko akalain.

*Tey, sige. Ilabas mo lang.. Ilabas mo lang lahat ng sakit.*

**“Tahan na Tey, nandito lang ako.. N-nandito lang ako, kaya sige .. ilabas mo lang .. ilabas mo lang lahat ng sakit.”**

**“R-rio, pasensya ka na sakin.. A-ayoko rin na makita mo kong ganito ngayon, pero wala e. Hindi ko na kayang .. h-hindi ko na kayang balewalain yung sakit na nararamdaman ko. Matagal ko ng gustong iiyak lahat ng ‘to, pero alam mo ba ..**

***Ayaw pumatak ng luha ko.”***

**“Ssshh. O-okey lang. Okey lang paminsan – minsang umiyak. Kailangan mo rin ‘to para naman gumaan yang bigat na dinaramdam mo. *Ayoko rin namang nakikita kitang ganyan, na nasasaktan ..* Pero Tey, kailangan mo ‘to ngayon e. Kailangan mo nang ilabas lahat ng sakit.”** Sagot ko sa kanya.

Lumapit ako sa kinaroroonan niya. Ilang sentimetro lang din naman ang pagitan namin. Pero, sa ngayon .. alam kong kailangan niya ‘to para gumaan yung pakiramdam niya.

Hindi ko pinigilan yung sarili ko sa gusto kong gawin. Niyakap ko siya.

*Pero bakit parang ako ata yung gumaan ang pakiramdam at hindi siya?!*

**“R-rio .. salamat talaga. H-hindi ko kasi akalain na .. ikaw, sa lahat ng tao ang makakatulong sakin. K-kaya nga .. k-kaya nga malaki ang pasasalamat ko sayo ngayon. S-salamat, Rio. *Ikaw lang pala ang kailangan ko.***



***Ikaw lang pala ang makakabawas sa lahat ng sakit na nararamdaman ko.”***

\*\*\*

**2:03 p.m**

\*\*\*

MATAPOS yung sandaling ‘yun, sobrang gaan ng pakiramdam ko. Sobrang gaan dahil alam kong nakatulong ako sa kapwa ko, sa *kanya*. Sobrang gaan dahil alam kong natulungan ko siya, at natulungan kong ibsan yung sakit na nararamdaman niya.

*Sana, ganon din siya. Sana, gumaan kahit papano yung pakiramdam niya. Sana, nakatulong ako para magbago na siya pati ang mga pananaw niya.*

Magkasama kaming lumabas ng *hidden paradise*. Nagkatawanan pa nga kami habang naglalakad papuntang garden dahil parehong namumugto yung mga mata namin. Mukhang tanga lang.

**“Rio, salamat.”**

**“Alam mo Tey, wala yun. Tsaka, mas sasaya ako kung ‘yang pasasalamat mo e sasamahan mo pa ng ngiti.”**

**“Eh—“**

**“Uy, ngingiti na ‘yan. Ngiti na, dali. Wala namang mawawala e.”** Pangungulit ko sa kanya.

Nong una, medyo nagaalangan pa siya e. Para kasing naaasiwa siya na hindi mo maintindihan. Pero kinalaunan ..

**“Pano ba, ganito?!”** Ngumiti siya ng pilit na siyang ikinatawa ko.

**“Mali naman yan e! Dapat yung bukal sa puso mo. Okey lang kahit hindi na lumabas yang ngipin mo. Mas maganda nga kung tago ‘yan e.”**

**“Eh pano ba kasi?! Turuan mo nga ko.”**

**“Ganito lang oh.”** Pagkatapos, nginitian ko siya.

Yung ngiti na para sakin, normal lang. Yung ngiti na alam kong hindi makakapagpabago ng takbo ng buhay ng isang tao. Yung ngiti ng isang ordinaryong tao na wala namang kakayahang baguhin ang mundo. Pero, yun yung ngiti na ibinigay ko sa mga taong alam kong kaya kong pamahagian ng pag – asa, para patuloy pa rin silang maniwala sa mga hiwaga at regalo ng buhay na ibinigay ng Diyos, na ibinigay Niya.

Tiningnan niya ko. Nagtama yung mga mata namin.

*Lord, bakit ang bilis na naman ng tibok ng puso ko?*

Nagulat ako dahil matapos ang sandaling ‘yun,

*E hinawakan niya yung mga kamay ko.*

\*\*\*

**“Uuyyy, si ate Leeyow at kuya TG, magkaholding hands.”**

**“Ikaw talaga Ria, ang bata – bata mo pa kung anu – ano na sinasabi mo.”**

**“Okey lang naman kay Ria kung magka – holding hands si kuya TG at ate Leeyow diba?!”** Kinarga ni Sabel si Ria tapos nakipag – apir pa na para bang ang ganda nong sinabi niya.

Sabel talaga. Kahit kailan

**“Kaya naman pala ang tagal mo. May iba ka palang inasikaso.”** Nanunukso yung mga mata ni Aly. Si Pau naman, tahimik lang na nakangiti.

**“H-hindi, a-ano kasi ..”**

--**“Sila ba mga kaibigan mo?!”** Tanong sakín ni TG habang nakatingin ng diretso sa mga mata ko.

Bigla ko tuloy nabitawan yung kamay niya na nakahawak sa kamay ko. Nahihya kasi ako kina Aly e. At panigurado, namumula na naman ang mga pisngi ko.

Naglaro lang kami buong maghapon. Tapos, kumain na kami nung inihanda kong pagkain. Sana magustuhan nila. Hindi pa kasi ako ganon kagaling magluto e.

**“Ate Leeyow, masarap po yung puti niyong spaghetti ha?! Yikee, kuya TG. Pwede na po.”**

**“Pwede nang ano Ria?!”** Nakangiting tanong naman ni Tey.

**“Pwede mo nang pakasalan si ate Leeyow.”**

Naibuga ko tuloy sa lupa yung kinakain ko. Si Ria naman kasi, kung anu – ano ang sinasabi. Nakakahiya sa ibang mga bata. Nakakahiya kina Aly. Nakakahiya kay Tey.

**“Kung sabagay.”**

Mas nagulat ako sa sagot ni Tey. Wah?! Ano ba namang klaseng sitwasyong ‘tong napasok ko.

**“Oh Rio, bakit ka namumula?! Affected ka sa biro ng bata?!”** Si Sabel.

Tumahimik na lang ako. Ayokong maging sentro ng atraksyon.

Nong nagliligpit na kami, binigay ko na sa mga bata yung *bracelet*. Lyon yung ilang araw ko ng pinaglalamayan kada gabi. Hindi kasi basta – basta bracelet ‘yun. Gawa siya don sa plastik na sinulid, tapos ibubuhol siya hanggang sa makabuo ka na ng isang buo. Para siyang weaving na hindi ginagamitan ng kahit na anong materyales, liban sa kamay. Kung gusto mo namang lagyan ng ibang kulay, pwedeng – pwede basta ma – tiyaga ka lang. Ganyan ‘yan ka – busisi.

**“Ate Leeyow, ang ganda – ganda po. Marami pong salamat!”**

**“Oo nga ate Leeyow, sana gumawa ka po ng mas marami sa susunod na balik niyo po dito.”**

**“Ate Leeyow, bigyan niyo po sina sisters! Matutuwa po sila!”**

**“Ate Leeyow, sana next time po yung puting spaghetti mo, may chicken nang kasama ha?!”** Pangungulit naman ni Ria.

Ngumiti lang ako. Nagtinginan kami nina Aly. Sana nga, makagawa kami ng paraan para makabalik dito. Ayoko ring mabigo yung mga bata. Ayoko silang umasa.

Niyakap muna namin isa – isa yung mga bata, pagkatapos pinapasok na namin sila sa loob ng building.

*Oo nga pala. May hindi pa ko nabibigyan nung bracelet.*

**“Tey, para sayo.”** Inabot ko sa kanya yung navy blue na siyang natira lang sa bag ko. Buti nga hindi nahalo sa iba e.

**“Para saan ‘to?!”** Tanong niya habang nakataas yung kaliwang kilay niya.

Kung minsan lang talaga, hindi pa rin nawawala yung kaangasan niya e. Kung pagmamasdan mo siya, maiintimidate kang talaga. May sarili kasing pamamaraan yung mga kilay niya para maasiwa ka.

**“Sa a-ano. Salamat sa pagpapapasok mo sakín sa buhay mo .. at saka, sa *pagtitiwala* mo sakín. Salamat sa pagsasabi mo nung mga bagay na matagal mo ng itinatago diyan sa puso mo—“**

--**"Wala kang karapatang magpasalamat. H-hindi ka dapat magpasalamat sakín dahil .. *ako dapat ang magpasalamat sayo.*"**

**"Rio, maraming maraming salamat. S-salamat sa lahat ng tulong mo .. S-salamat sa pagpasok mo sa buhay ko."**

Mga ilang segundo rin akong hindi makapagsalita. Hindi ko kasi alam yung isasagot ko sa kanya. Hindi ko naman kasi talaga inaasahan na paulit – ulit siyang magpapasalamat sakín.

Nung makabawi na 'ko sa pagkabigla, ang tanging nasabi ko na lang sa kanya ...

**"W-wala 'yun. Gusto lang talaga kitang matulungan, at sana .. sa pag – uusap natin kanina, natulungan nga kita."**

**"Wag kang mag – alala, nakatulong ka."**

Ikinabigla ko yung sumunod niyang ginawa. Sa lahat ng tao, hindi ko inaasahang .. *siya* pa ang gagawa sakín ng ganito.

*Tey, bakit parang ipinaghehele ako dahil sa mga yakap mo?!*

\*\*\*

**Fourteen Zero Three.**

\*\*\*

MADALAS na kaming magkita mula nong araw na 'yon. Ang galing no?! Ang laki talaga ng nagagawa ng "tulong" sa buhay ng tao. Tingnan niyo, dati – rati, hirap na hirap akong hagilapin si Tey. Ngayon naman, daig pa namin yung kambal – tuko dahil hindi na kami mapaghiwalay: lagi kaming nagkikita, lagi kaming magkasama.

Minsan, kumakain kami ng sabay sa canteen. Minsan naman, pag tapos na ang klase ko at tapos na ang klase niya, magkasama kaming tumatambay doon sa lugar kung saan pangalawang beses kaming nagkita.

Kung tatanungin niyo ko kung may pinagbago ..

Oo, aaminin ko .. meron.

Lagi ko na siyang hinahanap – hanap. Lagi at lagi ng gusto ko siyang makasama. Gusto kong makita yung mga mata niya. Yung mga tingin niyang nagpapakaba sakin, yung mga tingin niyang nagpapalamig pero nagpapakulay ng mundo ko.

Isa lang siguro yung hindi nagbabago e ..

*Hindi nagbabago yung tibok ng puso ko pag nagkakasama kami. Lalo lang lumalakas, lalong bumibilis.*

Hindi ko nga maintindihan nong una kung bakit nagkakaganoon yung tibok ng puso ko. Kung bakit parang napakasaya ko lagi pag nagkikita kami. Yun bang parang laging ang sarap ng pakiramdam ko pag nakikita ko siya, lalo na pag masaya siya.

Doon ko lang naisip na ..

*Langit na para sakin yung makita ko lang ang mga ngiti niya.*

Dati, minu – minuto kong tinatanong sa sarili ko kung ano ba ‘tong nararamdaman ko. Kung bakit nga ba ako nagkakaganito. Kung bakit ng dahil kay *Tey Galvez*, nabulabog ang dati – rati’y tahimik ko namang mundo.

Naguguluhan at nababaliw na rin kasi ako kaiisip.

Pero, nung isang hapong magkasama kami, doon ko lang nakuha yung sagot.

**“Rio, pwede bang .. pwede ka bang yayaing lumabas?!”** Tanong niya sakin.

**“Ha?! Eh—ikaw ..”** Naguguluhan kong tingin sa kanya.

**“Anong ako?! E ikaw ang babae, ikaw ang dapat sumagot.”**

**“Eh—kasi, bakit mo ba ko niyayayang lumabas?!”**

Magkasama kaming dalawa ngayon doon sa lugar na **14:03**. Natatandaan niyo yung lugar na kung saan, pangalawang beses kaming nagkita?! Yung lugar dito sa campus na siya mismo ang nagbigay ng pangalan?!

Nakaupo kami sa bench. Nakasandal lang siya sa balikat ko. Alam ko, parang baliktad .. pero dito ako masaya. Masaya ako dahil kahit papano, sa sarili kong pamamaraan,

*Naipaparamdam ko kung gaano ako kasaya dahil kasama ko siya.*

**“Hmm .. bakit nga ba?!”**

Umalis siya sa pagkakasandal sa balikat ko. Pagkatapos, nginitian niya ko. Wala na naman akong nakuhang sagot mula sa kanya. Sa halip, kinuha niya lang yung mga kamay ko at ikinawit sa mga kamay niya.

**“T-tey ..”**

**“Rio, tanda mo nung sinabi ko sayong pinapapasok na kita sa buhay ko?! Sa lugar na ‘to at sa pwestong to mismo?!”** Tanong niya.

**“O-oo. Ang sabi mo pa nga—”**

**--“Pag nalaman mo na ang ibig sabihin ng 14:03, pwede bang umalis ka na sa buhay ko?!”**

**“.....”** Wala akong naisagot sa kanya. Oo Tey, tandang – tanda ko pa yung sandaling yun.

*Yun yung sandali na halos gumuho ang mundo.*

**“Hayaan mo. Hindi ko na sayo ipapaalam. Ayoko rin namang umalis ka sa buhay ko e.”**

**“T-tey ..”**

**“Pero, pwede bang pumayag ka ng mag – date tayo?! Pangako, hindi ako gagawa ng kalokohan. *Gusto lang talaga kitang makasama.*”**

**“Kinikilig ako, nakakainis ka.”** Hinigpitan ko yung hawak sa mga kamay niya. Ang sarap lang ng pakiramdam ko. *Ang saya – saya ko kasi abot – kamay ko na siya.*

**“Rio .. may ibubulong ako sayo.”**

**“Ano yun?!”**

**“Lumapit ka.”**

Ginawa ko naman yung sinabi niya. Lumapit ako sa kanya, tapos medyo yumuko ako dahil mas matangkad siya sakín.

Nagulat na lang ako ng hinalikan niya ko sa noo, pagkatapos ..

**“14:33. Wag na wag mo yang kakalimutan. Para sayo lang ang mensahe sa likod niyan.”**

Iyan yung binulong niya sakín.

**“T-tey .. A-ano kasing ibig sabihin nung sinabi mo?!”**

Ngumiti lang siya sakín at *niyakap na niya ‘ko.*



**“Salamat Rio. Salamat sa napakagandang regalo na ibinigay mo sakin. *Hinding – hindi kita malilimutan.*”**

**“Ako rin naman Tey e. Salamat sayo. Hinding hindi rin kita makakalimutan.”**

\*\*\*

NAGPUNTA kami sa Enchanted Kingdom. Maghapon lang kaming nagliwaliw at sumakay ng rides. Nakakatuwa si Tey, para siyang bata. Bakas na bakas sa mga mata niya na talagang nag – eenjoy siya.

Nong malapit nang mag alas otso ng gabi, sumakay kami sa Wheel of Fate.

**“Tey ..”**

Pakiramdam ko, sasabog na yung puso ko sa sobrang kaba at saya. Nilalamig din ako. Pakiramdam ko nagyeyelo yung buong paligid ko.

**“Hmm?!”**

**“M-masaya ka ba?!”**

Lord, sana, tulad ko .. masaya rin po *siya*. Hindi ko kakayanin kung sakali pong hindi ko maririnig sa mga bibig niya yung inaasahan kong sagot.

**“Oo naman. Masaya ako. Lalo na dahil .. *kasama kita.*”**

Napangiti ako.

Lumapit siya saakin. Nong una kasi, magkaharap lang kami habang nakasakay. Pero matapos niyang sabihin yun, tumabi siya saakin tapos isinandal naman niya ngayon yung ulo ko doon sa balikat niya. Hinawakan niya rin yung kanang kamay ko.

*Lord, ang saya – saya ko po. Sana, sana po .. lagi na lang kaming ganito. Sana po Lord, lagi na lang kaming masaya, yung tipong parang ang kulay – kulay ng pareho naming mundo.*

Lumalakas at bumibilis na naman yung tibok ng puso ko.

Unti – unti ng lumilinaw sakín ang lahat. Malinaw na malinaw.

**“Ikaw Rio, masaya ka ba?!”**

**“Hindi lang basta masaya. Masayang – masaya ko Tey, kasi .. *nandito ka sa tabi ko.*”**

Tingin ko, naririnig ko yung tibok ng puso niya.

Siya kaya, naririnig din niya kaya yung tibok ng puso ko?!

**\*boom – boom – boom\***

Kasabay ng pagputok ng fireworks sa kalangitan ay ang pagkabuo ng isang reyalisasyon sa isip ko.

Ang gaganda nung fireworks. Ang gaganda nung kulay. Buhay – na buhay.

**“T-tey ...”**

**“Hmm?!”**

Nanatili lang kami sa ganoong posisyon. Nabibingi ako dahil sa lakas ng putok ng mga firerworks, pero inaagaw naman ng atensyon ko yung kulay nila sa kalangitan.

**“Pwede bang ..”**

**“Pwede bang?!”**

**“Pwede bang mahal in kita?!”**

Kinakabahan ako dahil sa isasagot niya.

Naramdaman kong huminga muna siya ng malalim, saka siya sumagot.

**“Hindi kita pinagbabawalan. Gawin mo kung anong gusto mo. Hindi kita pipigilan .. Pero sana, ‘wag ka sanang masasaktan sa kung ano mang kahihinatnan nito.”**

Nadismaya ako dahil .. dahil hindi ko narinig yung sagot na gusto kong marinig sa kanya. Siguro kasi, mali rin yung sinabi ko. Na, mali rin yung paraan ng pagsasabi ko sa kanya ng nararamdaman ko.

*Pwede naman kasing simpleng “Tey, mahal kita” lang. Ginawa ko pang kumplikado.*

Nararamdaman kong tutulo yung mga luha ko pero pinigilan ko. Ayoko nito e. Ayokong ipakita sa kanya na *nasasaktan ako*.

Diba, sabi niya, ayaw daw niya ng nakakakita ng taong umiiyak?!

*Dahil lalo lang siyang nasasaktan?!*

**“R-rio .. ‘wag kang umiyak please?!”**

Kaya mo ‘yan Rio. Tatagan mo. Gawin mo to *para sa kanya*.

**“H-hindi naman ako umiiyak e.”**

Konting – konti pa Rio. *Kayanin mo*.

**“14:33. Tatandaan mo sanang lagi ‘yan at wag mong kalilimutan. Diba, sabi ko naman sayo, *para sayo lang ang mensahe sa likod niyan?!’*”**

\*\*\*

**One Four Zero Three.**

\*\*\*

WALONG buwan ang matuling lumipas.

Third year na agad ako, *kami*.

Ang bilis ng panahon. Panahon lang ang nagbago, pero hindi yung damdamin ko. Ganoon pa rin, walang pinagbago.

*Matagal ko na siyang mahal.*

LAGI ko tong sinasabi sa kanya kapag nagkikita kami. Sinasabi ko to sa kanya pag alam kong pinanghihinaan siya ng loob. Sinasabi ko to sa kanya pag alam kong nawawalan na siya ng pagasa.

*At pag alam kong gumuguho na naman ang mundo niya.*

Ewan ko, pero pag sinasabi ko na yan sa kanya, ngingiti lang siya tapos tatahimik na. Magsasalita siya na parang walang nangyari, na parang hindi siya nalulungkot kani – kanina lang. Magku – kwento siya ng kung anong nangyari sa araw niya sa buong maghapon. Ilinisin na niya ulit ako. Tapos, gagawa siya ng paraan para ako naman ang mapatawa niya.

Ganyan lang kaming dalawa.

**“Ayan ka na naman Tey e, diba sinabi ko naman sayo na magpatingin ka na lang sa doktor para hindi na lumala yang ubo mo?!”**

**“Alam mo, wala na rin namang kaso magpatingin man ako o hindi. Tsaka, wala ‘to. Nakakain lang ako ng tinik ng isda kaya siguro ako naubo.”**

**“Tey naman. Ang tigas na naman ng ulo mo.”**

**“Ikaw ‘tong makulit diyan e. Ayos nga lang ako.”**

**“Oy, wag na kasing matigas ang ulo. Tsaka, tingnan mo nga, namumutla ka. Natutulog ka ba ng maaga?! Tey naman e. Isusumbong kita kay sister Lourdes.”**

**“Maniwala ka kasing ayos lang ako. Tsaka si sister Lourdes?! Sus, wala namang magagawa ‘yun e.”**

**“T-tey ..”** Nangingilid na naman yung mga luha ko. Ayoko kasi sa lahat yung kokontrahein niya ‘ko e. Para rin naman sa kanya yung mga ginagawa ko.

**“Ayan ka na naman. Iiyak ka na naman, diba sinabi ko naman sayong ayaw kitang makitang umiiyak?!”**

**“H-hindi na po.. Sige. Sasabihin ko na lang yung magic word.”**

**“Ano nga ulit yung magic word Rio?! Nakalimutan ko kasi e.”**

Iyan ang kahinaan ko e. Pag naglambing na siya, wala na .. wala na akong laban.

**“Mahal kita, Tey. Mahal na mahal.”**

Ngumiti lang siya.

*Yung ngiti na sapat lang para tunawin yung puso ko.*

\*\*\*

MADALAS akong kinakausap nila Aly tungkol kay Tey. Nagtatampo na rin sila dahil hindi na 'ko madalas nakakasama sa mga outreach programs namin sa ibat – ibang lugar. Mas madalas kasi akong dumadalaw sa orphanage kung saan *siya* nakatira.

Pero itong pag – uusap namin ngayon na ata yung pinaka – masaklap.

**“Sasama ka ba sa Sabado?!”** Tanong ni Sabel.

**“B-baka hindi. Pupuntahan ko kasi si Tey.”** Sagot ko.

**“Rio, ang tanga mo rin e no?! Nagpapatanga ka diyan sa lalakeng ‘yan na ni hindi mo alam kung may nararamdaman din ba sayo!? Ganyan ka na ba kahibang sa kanya?! Si Aly.**

**“Aly, chill lang. Ilang beses pa lang namang hindi nakakasama si Rio—“**

**--“Pau. Hindi yun e. Bakit Rio, ilang beses ka na bang hindi sumasama?! Ang dami na diba?!”**

**“A-aly .. wag naman sanang ganito.”**

**“Aly, tama na. Wag naman ganyan please. Magkakaibigan tayo, dapat nagtutulungan tayo, hindi nag – aaway – away. Wala namang mangyayari kung magkakaganito tayo e.”** Sagot naman ni Pau.

**“Bakit ba kasi sa dinami – rami ng taong mamahalin mo, *siya* pa?! Bakit ka nagpapatanga diyan gayong hindi nga tayo sigurado kung may nararamdaman din siya sayo. Bakit?!”** Si Aly ulit.

Alam niyo ba kung anong sagot ko sa kanila?!

**“Kung SIYA naman ang mamahalin ko, ayos lang kahit isang milyong beses pa kong maging TANGA ..**

***Masisisi niyo ba ako?!”***

Ayokong mag – away – away kaming magkakaibigan. Pero .. ito lang kasi ..

**“ITO lang ang alam kong paraan para makasama ko siya. Para malaman niyang kahit ano pang mangyari, lagi lang akong nasa tabi niya.**

***Para maiparamdam ko sa kanya kung gaano ko siya kamahal.”***

Hindi nila ko naiintindihan. At hinding – hindi nila ko maiintindihan. Sila kasi, masaya sa buhay – pag – ibig nila. Sila kasi, kuntento na sa buhay dahil alam nilang mahal din sila nung taong minamahal nila.

**“Pero ano namang kapalit?! Napapabayaang mo yung ibang bagay na dapat mong gawin kakabuntot diyan sa lalakeng ‘yan?! Nagsasakripisyo ka alang – alang sa kanya?! Ganyan ka na ba katanga?!”**

**“M-mahal ko siya.”**

**“Bakit, sinabi ba niyang mahal ka niya?! Ni minsan, ipinaramdam ba niya sayong mahal ka nga niyang talaga?!”**

Katangahan. Katangahan nga raw na maituturing itong ginagawa ko.

Pero bakit nga ba ako naging tanga?!

Tanga raw ako dahil sa dinami – rami naman ng taong itinitibok ng puso ko, SIYA pa. Nagmamahal ako sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi ako mamahalin. Sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi ako lilingunin. Sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi tutugon sa nararamdaman ko.

*At sa isang taong kahit kailan, kahit sa anong panahon, hinding – hindi magiging akin.*

**“Wag na wag ka lang naming makikitang umiiyak isang araw, Rio. Wag na wag mo ring sasabihin na hindi ka namin binalaan.”** Si Aly ulit.

**“Rio, pagpasensyahan mo na lang si Aly. Alam mo naman ‘yan e.”** Sabi naman ni Sabel.

**“Tatandaan ko yang sinabi niyo, wag kayong mag – alala. Sakali mang umiyak ako isang araw ng dahil sa kanya,**

***Sisiguraduhin kong hindi niyo ko makikita.”***

\*\*\*

**Fourteen Thirty Three.**

\*\*\*

PARANG gusto ko ng maniwala kina Aly.

Isang linggo na ring hindi nagpapakita si Tey. Isang linggo na buhat nong huli kaming magkita. Isang linggo na buhat nong huli kaming magka – usap.

Walong buwan at isang linggo. Ganyan na kami katagal magkakilala.



Pinuntahan ko siya doon sa orphanage nung nakaraang Sabado. Ang sabi ni sister Lourdes, umalis daw siya para ipasyal sina Ria. Tinanong ko naman kung pwede ko ba siyang hintayin, ang sabi naman ni sister, gagabihin daw sila.

Umalis na lang ako at bumalik sa bahay.

Akala ko, makikita ko siya nong Lunes. Naghintay ako sa **14:03**, pero wala. Walang dumating na anino ni Tey.

Lumipas ang Martes. Myerkules. Hwebes. Byernes.

Wala pa rin akong nakikitang Tey.

Hindi na maganda ang pakiramdam ko dito. Kaya kahit bukas pa naka – schedule ang pagbisita ko doon sa orphanage, minabuti ko na ring dumalaw.

*Kinakabahan na kasi ako.*

Pagdating ko doon sa bahay – ampunan, una kong hinanap si sister Lourdes. Naabutan ko siya na pabalik sa opisina niya. Nagulat pa nga siya dahil siguro, hindi niya inaasahan ang pagpunta ko doon.

**“Magandang hapon po, sister.”**

**“O-oh, Rio .. Bakit? Anong sadya mo?”**

**“Sister Lourdes .. si .. si Tey po?!”**

Hindi siya sumagot.

Inulit ko yung tanong ko sa pagbabakasakaling hindi niya lang ako narinig.

**“S-sister, s-si Tey po?!”**

Hindi pa rin siya sumagot. Sa halip, niyaya niya ko sa loob ng opisina.

*Doon na nagsimulang lumamig ang pakiramdam ko.*

\*\*\*

**“Kabilin – bilinan ni Tey na ibigay ko ‘to sayo .. pagkatapos ng isang linggo. Sa susunod na punta mo nga dapat e, mga dalawang Sabado mula ngayon. Pero, dahil nandito ka na .. mukhang hindi ko masusunod ang tagubilin niya.”**

May inabot sakin si Sister.

*Isang sulat.*

**“B-bakit po .. ano po bang nangyayari?! Ano po bang nangyayari kay Tey?! A-asan .. nasaan po siya?!”**

**“H-hindi kita mabibigyan ng konkretong sagot .. pero kung gusto mo talagang malaman kung anong nangyayari .. pumunta ka sa kinaroroonan niya ngayon ..**

***Mary the Queen Hospital. N-nandoon siya, nandoon si Tey.”***

\*\*\*

WALA akong inaksayang oras. Pagkasabing – pagkasabi ni sister Lourdes nong pangalan nung ospital, agad akong pumara ng taxi at nagpahatid doon.

Habang nasa daan, punung – puno ng tanong ang isipan ko.

*Tey, anong nangyayari, anong nangyari sayo?! Bakit ang tagal mong hindi nagpakita?! Bakit ka nandyan?! Bakit ka nasa ospital?!*

Kulang na lang liparin ko yung loob ng ospital pagkababang – pagkababa ko sa taxi. Nagtanong agad ako doon sa counter kung nasaan yung kwarto ni Tey Galvez.

*Pero nadurong ang puso ko dahil sa nakita ko sa loob ng kwarto niya.*

Si Tey ..

Nakahiga sa kama. Walang malay. Animo natutulog lang ..

*Pero parang wala ng buhay.*

May kung anu – anong nakasaksak sa katawan niya. Kung anu – anong tubo na kada makikita ko,

*E lalo lang sumasaksak sa puso ko.*

**“Tey ..”**

**“Tey naman e .. bakit ang daya mo .. bakit .. bakit?!”**

Ang daming bakit na gusto kong itanong sa kanya. Di bale, gigising naman siya diba?! Hihintayin ko siyang gumising. linisin ko siya at galalitin. Pagkatapos, ku – kwentuhan ko siya ng mga nangyari sa buhay ko sa loob ng isang linggong wala siya.

Sasabihin ko rin sa kanya kung gaano ko siya na – miss. Umaasa ako. Naniniwala ako. Alam kong magigising pa siya at sa paggising niya, doon ko siya uulanin ng tanong.

*Pero Tey, ano nga bang nangyayari .. ano .. bakit?!*

Saka ko lang naalala yung *sulat* na ibinigay sakin ni sister Lourdes.

Huminga muna ako ng malalim saka ko kinuha sa loob ng sobre yung *sulat*.

\*\*\*

**Dearest Leeyow,**

Sana sinunod ni sister Lourdes yung bilin ko na ibigay 'to sayo makalipas ang dalawang Sabado. Sana hindi niya sinuway yung gusto ko. Hehehe. Demanding ba!? Pasensya ka na. Sanay ka naman na sakín diba?!

**Pero alam mo ba, *doon ako nalulungkot.***

Habang ginagawa ko 'tong *sulat* na 'to, sumasakit na naman yung 'ulo ko. Sa totoo lang, halos lahat ng parte ng katawan ko, sumasakit na e. Hindi ko naman alam kung bakit.

Sa pagkakaalam ko naman, isa lang ang sakit ko.

Nahihiwagaan ka na no?! O sige na nga, ikukuwento ko na.

Alam mo kasi, nung magkakilala tayo 8 months ago, nakatanggap ako ng balitang nagpaguho sa mundo ko .. balitang naging dahilan para maglaho ang pag – asa ko .. balitang naging dahilan para dumilim ang pananaw ko sa buhay.

May sakit pala ako. Akalain mo yun?!

*Leukemia.*

At ayon sa doktor na kinausap nina sister Lourdes, 8 buwan na lang daw ang ilalagi ko sa mundo. Pero hindi pa rin daw sigurado yun. Pwedeng mas mapaaga. Depende sa kondisyon ng katawan ko.

*At ng puso ko.*

Akala raw nila nong una, simpleng hypotension lang. Yung tipong laging mababa yung dugo ko?! Lagi rin akong pagod at nahihilo. Lagi ring dumudugo yung ilong ko. Pero ang labo e. Hindi naman ako nagpupuyat. Ni hindi nga ako nakakaramdam ng stress. Kaya, anong dahilan kung bakit ako magkaka – hypotension diba?!

Tapos doon ko naalala yung huling sulat na natanggap ko sa nanay ko. Diba, sabi ko sayo non, nung nagkausap tayo sa *hidden paradise*, na namatay na raw yung tatay na hindi ko man lang nakilala dahil sa sakit na hindi raw niya matandaan?!

*Ito pala yun. Natawa ako e. Sa lahat naman kasi ng mamanahin ko sa tatay ko, ito pa. Nakakatawa diba?!*

Maswerte raw ako kasi tumagal pa ko ng walong buwan. Humihingi sila ng tawad sakin dahil huli na raw bago pa nila ma – diagnose yung sakit ko. Huli na kasi, lumalala na yung pagkawala ng red blood cells ko.

Pero hindi kasi ganoon kadali yun e. Nakilala kita. Nagkakilala tayo.

*Minahal mo ko.*

At yun ang lalong nagbibigay – pasakit sa damdamin ko.

Sabi ko sayo, hindi ko sasabihin yung mensahe sa likod ng 14:03 diba?! Pero wala e. Kailangan ko na ring sabihin. Sooner or later, dadating din naman tayo sa panahong 'to.

*Sa pagkakataong kailangan ko na ring magpaalam.*

Rio, mag – aalas dos ng hapon daw kasi ako nakita nina mother – superior sa gate nung orphanage. Kinwento niya sakin ‘yan. Tapos, nong tiningnan niya yung oras, 2:03 p.m pala.

Hanggang sa napagdesisyunan nilang yun nalang din daw ang birthdate ko. Yung araw na ‘yun. August 8 pumatak yung araw na iniwan ako sa labas ng bahay – ampunan.

Ngayon, sasabihin ko na sayo kung kailan ang birthday ko. Hindi ko sinasabi sayo dahil gusto kong kalimutan mo na lang.

*August 8.*

Mula nong nalaman ko yung kwento ni mother - superior, tumimo na sa utak ko yung numerong yun. Yung numerong 14:03. Sa military time kasi, ang katumbas nong “14”, alas dos, kaya naman para maiba, hindi ko ginagamit yung 12 – hr clock system. Mas napamahal ako doon sa military dahil gusto ko yung pagkakaayos niya. Ang cool lang kasi. Habang tiningnan mo, may dumadagdag na *misteryo*.

14:03. Naniniwala akong significant yang numero na yan sa buhay ko.

Kita mo naman, sabi nung doktor kina sister, walong buwan daw ang ilalagi ko sa mundo. Subukan mo ngang i – add yung mga numero. Tapos, isigaw mo sa ere yung lalabas ha?!

Rio, sa panahong mababasa mo ‘to .. ayokong malalaman ko na malungkot ka. Na nalulungkot ka dahil sa pagkawala ko. Sinabi ko naman sayo na ayoko ring makikita kang umiyyak diba?!

*Lalo lang akong masasaktan.*

Kaya sana .. pagkatapos mong basahin ‘to .. makikita kitang nakangiti. Nakangiti dahil sa wakas, wala na yung taong nagbibigay - sakit sa ulo mo at nagbibigay – pasakit sa damdamin mo.

Oo nga pala ..

\*\*\*

Hindi ko na kayang ituloy. *Hindi ko na kaya Tey.*

Napailing na lang ako.

Ang haba pala nung sulat *niya.*

Basang – basa na ng luha ko yung papel na ginamit niya. Buti na lang, hindi pa gaanong naghuhulas yung tinta ng panulat niya.

Ang sakit – sakit ng loob ko dahil sa mga nabasa ko.

Hindi ko alam kung kaya ko pang ipagpatuloy yung pagbabasa sa iilan pang talata na nandoon sa sulat niya e.

Tiniklop ko muna yung sulat.

**“T-tey ... Bakit ka ganyan?! Bakit?! *Bakit ngayon mo lang ‘to sinabi lahat?! Bakit?!*”**

**“Bakit Tey?!”**

Daig ko pa siguro yung taong sira – ulo dahil nagsisisigaw ako doon sa loob ng kwarto niya. *Tey, bakit?! Alam mo bang mas masakit ‘tong ginawa mo?! Na mas masakit para sakin na makita kita sa ganyang kondisyon?!*

*Alam mo bang, mas nasasaktan ako ngayon?!*

**\*teeeeeet – teeeeeet - teeeeeet\***

Tumunog yung makina na naka – pwesto sa gawing kaliwa nong kwarto niya. Yung makina na siyang pinagdudugtungan ng lahat ng tubo na nakasaksak sa katawan niya. Yung makina na ..

*Nagbibigay – buhay sa pagod na pagod na niyang katawan.*

Tumawag ako ng mga nars at doktor. Lumabas ako ng kwarto niya at nagsisisigaw. Pagbalik ko, doon ko lang napansin na may device pala sa itaas ng headboard ng kama *niya* para sa emergency call, kaya hindi ko na kinakailangan pang lumabas.

Pero dahil sa pagkataranta ko, hindi ko na nakuhang makita't gamitin 'yon.

Pumasok na yung mga doktor at nars sa kwarto niya. Tsinek yung mata niya. Yung pulso niya. Hinawakan ng nars yung mga kamay niya. May mga sinasabi silang termino na hindi ko maintindihan. Basta ang naunawaan ko lang, hindi na rin daw stable ang vital signs niya.

Sinusubukan na siyang i – revive gamit yung makina na may malakas na boltahe. Pero, walang sagot mula sa katawan niya. Pilit lang sumasabay at sumama sa pag – dampi nung makina.

Hindi ko kayang tingnan yung ginagawa sa kanya.

Iniwag ko yung paningin ko at ibinalik ko doon sa sulat niya ..

*Hindi ko na matagalan yung tagpong 'yon.. Yung tagpong alam kong hirap na hirap na siya.*

\*\*\*

**Oo nga pala ..**

**Rio, yung ibig sabihin nung lagi kong sinasabi sayo .. yung 14:33? E kasi naman, baka sabihin mong cliche pero ..**



*Pwede bang magreminisce muna?!*

Alam mo ba .. nung tumabi ka sakin sa canteen, natuwa agad ako sayo e. Paano ba naman kasi, ikaw lang yung kauna – unahang nakilala ko na *nagkaroon ng lakas ng loob* para tablahin ako. Doon ko nalaman na ikaw yung tipo ng tao na *matulungin* talaga.

*Halatang – halata sayo yun nung sinasagot mo yung mga pambabara ko sayo.*

Kakaiba ka talaga.

Nung nakita naman kita sa 14:03, yung lugar na inari ko pero hindi ko naman alam na pinupuntahan mo rin pala, ang naisip ko kaagad non,

*Siguro sadyang gumagawa ng paraan ang tadhana para magkalapit tayo.*

Nakakatuwa ka. Gumagawa ka pa ng mga bracelet na gawa sa plastik na sinulid nong araw na ‘yon. Kinakausap mo pa nga yung sarili mo e.

Kakaiba ka talaga.

*At doon na ko nagsimulang maging interesado sayo .. at sa buhay mo mismo.*

Nakakapagtaka dahil nong araw na pumunta kayo sa orphanage, parang may nagbulong sakín na wag magpakita at magtago lang doon sa *hidden paradise*. Hindi ko naman kasi alam na may makulit na susunod sakín doon.

Nong nakita kita na nasa likod ko, isa lang ang naisip ko e ..

*Na hindi lang basta tadhana yung may gustong magkalapit tayo .. kundi, Diyos na mismo.*

MARAMING SALAMAT.

Nung araw na nailabas ko lahat ng sakit na nararamdaman ko sa puso ko, nagsimula na ring magbago yung pananaw ko sa buhay. Naging positibo na ang tingin ko sa mundo. Nagkaroon na ulit ako ng pag – asa sa kabila ng masasakit na pinagdadaanan ko.

*At lahat ng yun, nangyari dahil sa tulong mo. Maraming salamat talaga, Rio.*

Rio, wag kang mag – alala, malapit na ‘tong matapos.

Alam ko namang inip na inip ka na ring malaman kung ano ang mensahe sa likod nung 14:33 e.

Tanda mo nung nag – date tayo sa Enchanted?! Alam mo ba, nung nakasandal ka saakin, dinig na dinig ko yung tibok ng puso ko. Ang lakas lang. Ang bilis.

*Hindi ko masabi – sabi sayo, dahil ayokong maging makasarili. Ayokong maging ako lang ang mundo mo.*

*Ayokong makulong ka saakin, sa alaala ko dahil alam ko namang darating din yung panahon na mawawala rin naman ako sa tabi mo.*

Pero Rio, ito na lang kasi ang tanging paraan para masabi ko sayo yung totoo e.

1.4.3.3.

*I love you, Rio.*

Noon pa mang niyakap kita nong unang beses kayong bumisita sa orphanage, may iba na ‘kong nararamdaman sayo e. Diba nga, naiintriga na kasi ako sayo, noon pa mang pangalawang beses tayong nagkita?! Tapos nung mga sandaling yun, yung mga sandaling pakiramdam ko, sobrang saya ko, hindi ko napigilan ang sarili ko kaya niyakap kita, dahil pakiramdam ko ..

*Unti – unti na akong nahuhulog sayo, at unti – unti ka na ring nagiging mundo ko.*

At habang lumilipas ang mga araw, ang mga linggo at buwan, lalo ring lumalalim yung nararamdaman ko sayo.

Pero kasabay ng paglalim ng nararamdaman ko sayo, e yung katotohanang hindi panghabambuhay yung saya na nararamdaman ko. Yung kakaibang saya na nararamdaman ko, *dahil kasama kita*.

Bago ko pa gawin 'tong sulat na 'to, nararamdaman kong unti – unti na ring nanghihina yung katawan ko. *Na, baka anumang sandali e mawala na ko..*

*Mawala na 'ko at iwan kita.*

Hindi ko kaya, pero *kailangan e*.

Alam kong mahhirapan kang tanggapin. Kung kaya ko nga lang sana, lumaban pa 'ko. Para naman mas nakasama pa kita ng matagal.

*At nakabuo pa tayo ng mas maraming masasayang alaala.*

Kaso, hindi ganon e. Hindi ganon kadali.

Mangako ka naman sakin oh.

Pwede bang, *wag kang iiyak?! Wag kang iiyak sa sandaling mawala na 'ko?!* Hindi ko kasi kakayanin.

*Mahal na mahal kita Rio.*

14:33.

**P.S.**

**Ngayon, alam mo na yung ibig sabihin ng 14.03 at ng 14.33, pwede bang ako naman ang humiling?**

**Pwede bang ... *palayain mo na rin ako?!***

**Always,**

**TG. <3**

**\*\*\***

Basang – basa na yung sulat. Hiram na hiram na rin yung mata ko dahil sa luha. Hindi ko akalain na *totoo lahat ng nabasa ko.*

**“T-tey naman e .. wag mo namang gawin ‘to o. Ito ba talaga ang *gusto* mo?!”**

Wala akong narinig na sagot sa kanya. Nakita kong nakapikit pa rin ang mga mata niya. Kung tutuusin, para lang siyang natutulog e.

*Iyon nga lang, hindi ko akam kung may pag – asa pa ba siyang magising.*

Patuloy lang akong humihikbi at umiiyak. Gusto kong manalangin, magdasal sa Kanya, na sana .. bigyan pa *siya* ng kaunting panahon.

Gusto ko pa *siyang* makasama. Gusto ko pang maiparamdam yung pagmamahal ko sa *kanya*.

Pero naalala ko yung post script niya sa *sulat*. Yung kaisa – isang bagay na una’t huling hiniling niya sakín.

*Handa na ba ako?!*

*Pagbibigyan ko na ba siya?!*

*Kakayanin ko ba?!*

Humugot muna ako ng buntong – hininga. Hilam man sa luha yung mga mata ko, nakuha ko pa ring hawakan ang mga kamay niya at sabihing ...

**“T-tey, k-kung iyan ang gusto mo ... at kung ito lang ang paraan para matigil na ang paghihirap mo ...**

***Sige, pinapalaya na kita.”***

Nakita kong hinugot na *niya* yung huli niyang hininga. Ang hirap. Ang hirap, *Tey*. Kung alam mo lang kung gaano kasakit para sakín na makita kitang ganyan.

Hawak – hawak ko pa rin yung mga kamay niya .. pero bago pa unti – unting lumuwag yung pagkakakapit ko dito, nakita kong may namuong luha,

*Sa sulok ng mga mata niya.*

*Paalam, Tey.*

**\*teet\***

Narinig ko yung tinatawag nilang *flatline*. Isinubsob ko na lang yung mukha ko sa dalawang palad ko. Ayaw tumigil sa pagpatak yung mga luha ko.

Hindi ko talaga lubos – maisip na ..

*Ganoon pala, iyon pala ang totoo, Tey.*

Mahal din pala niya ako, tulad ng pagmamahal ko sa kanya.

Bakit nga ba hinayaan ko lang na umabot sa ganito ang lahat?!

Bakit nga ba hinintay ko pang marinig yung mga katagang yun sa labi niya?!

Bakit nga ba hindi ko naramdaman yung pagmamahal niya?!

TOTOO nga.

Ganoon nga ako katanga.

Tanga ako dahil hindi ako naniwala sa mga pangako niya.

Tanga ako dahil hindi ko man lang inisip yung nararamdaman niya.

Tanga ako dahil hinayaan ko na lang mabalewala ang lahat ng ginawa niya.

Tanga ako dahil hindi ko agad naisip na tulad ko,

**“Time of death, 2:33 p.m, August 8, 2012.”**

*Matagal na rin pala niya akong mahal.*

**-THE END-**

**© July 8, 2012 by CorrectionFluid**